


MGA HEBREO, IKATLONG KABANATA

 Magandang umaga, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang makaparito ngayong umaga sa gawain ng Panginoon. At umaasa tayo at nananalig para sa isang mainam na gawain.

² Naroon ako kanina sa . . . tinatawag naming tanggapan ng mga diyakono, na ginawa na natin ngayong silid para sa mga kagamitan natin sa pagre-rekord, at nakikipag-usap nga ako kanina sa isang kabataang babae at sa kanyang ina roon, na nanggaling pang Joliet, Illinois. At pinagbubulay-bulay ko kung gaanong kadakilang bunga ng biyaya ng Diyos ang kabataang iyon. Kilala siya ng marami sa atin dito. Isa siyang—isang manginginom, nalulong siya sa bisyong ito. At hindi ko alam kung ano ang buong pangyayari at ngayong umaga ko lang nalaman ang lahat, kung ano ngang nangyari sa kanya noong bumaba siya rito sa entablado. Ipinahayag pala sa kanya ng Panginoon ang buong problema at kung anong mangyayari. At bumaba siya rito sa entablado, na humahagulgol at puspos ng galak dahil hinango siya ng Diyos mula sa—sa hukay na iyon ng pagkalulong sa alak. At siya’y . . . Isang ginang ang lumapit sa kanya at humagulgol din, dahil ang kanyang anak, sa palagay ko’y kanyang anak nga siya, ay nalulong noon sa pinagbabawal na gamot. At alam n’yo, sa biyaya ng Diyos, natawag ang kabataang ito (Sa pagkakaalam ko, noon ding sumunod na gabi, si Rosella, ay natawag?), at ang kabataang ito, mula sa pagiging lulong sa pinagbabawal na gamot, siya’y napagaling. At siya at ang kanyang asawa ay nangangaral na ng Ebanghelyo. At—at—at kaygandang makita ang isang kalugod-lugod na kabataang gaya ni Rosella, lalo pa’t talagang napakaayos na niya sa sarili. At ngayon nga, maayos na siyang tingnan, at doon sa kaloob-looban niya . . . nararamdaman niyang mayroong tumatawag sa kanyang puso. Ngunit, dahil nga nalalaman niya ang sinasabi ng Biblia patungkol sa mga babaing mangangaral, kita n’yo, alam nga niyang ito’y isang bagay na taliwas. Kaya naman pinangungunahan siya ngayon ng Diyos sa mga bilangguan at sa iba pang mga lugar, upang makapagbigay ng patotoo roon.

³ Sadyang napakainam nga na—na—na alamin, na hanapin ang kalooban ng Diyos. Kung minsan ay may nadarama tayong pagtawag, subalit nais nating dalhin ang katawagang iyon sa kung saan; at kung hindi ka makapagbabantay nang maigi, gagamitin ng Diyablo ang katawagang iyon at babaluktutin ito para maging ibang bagay. Subalit hangga’t nananatili tayo sa

Biblia, kung gayo'y nasa tama tayo, kita n'yo, kumikilos tayo sa mismong kalooban ng Panginoon.

⁴ At kaya naman naniniwala ako na—na babaling na sa ibang mga lugar si Rosella upang makapag-misyon, dahil ayaw na ng Amerika ang Ebanghelyo.

Hindi na po iyon kaila sa inyo. Mabuti pang tanggapin na natin, na, tapos na nga sa mga Anglo-Saxon. Hanggang dun na lang sila. Wala nang Ebanghelyong tatanggapin pa ang Amerika. Oh, siguro may ilan diyang lalaganap, paminsan-minsan. Pero, dito sa mismong Ebanghelyo, ito'y tapos na. At ni hindi ka na nga makapangaral sa kanila, ni makapangusap sa kanila. Wala na silang anumang pananampalatayanan. Kita n'yo? Sadyang may mga sarili na silang kaisipan, at matitigas na ang kalooban.

At ang mga bagay na kasunod sa bansang ito ay kahatulan. Daranasin niya ang mga ito, ganun na nga. Maaaring sa pamamagitan ng pagbagsak ng ekonomiya. Maaari namang sa pamamagitan ng bomba atomika. Maaaring sa pamamagitan ng isang napakatinding salot, isang sakit o kung anu-ano pa, hayan na nga't, nakaumang na ang lahat sa kanya. Paparating na ito. Bubuho na sa kanya ang makailang libong kahatulan.

⁵ Napadaan nga kami, kahapon, kami ni Kapatid na Zabel, sa... at ni Kapatid na Wood, pagkagaling sa Kentucky, kung saan kami naglagi nang tatlong araw, at napadaan nga kami sa isang proyektong pabahay. Sabi ni Kapatid na Zabel, "Walang..." Oo nga naman. "Walang sinuman sa mga taong naroon, sa proyektong iyon, ang nagsisimba."

⁶ Kung uusisain mo sila kung bakit ganoon. "Buweno, may telebisyon naman kami. Doon kami naliligayahan." Kita n'yo na? Ganyan nga ang mentalidad ng mga Amerikano. Kita n'yo? "May telebisyon kami. Marami kaming pera. May magagara kaming kotse, may magagandang tahanan. Ano pang kailangan namin sa Panginoon? Hindi na namin kailangan Yan." Ganyan ang mentalidad nila.

⁷ Kaya naman ang natatanging relihiyon at kaligtasang nasa atin, at pag-ibig, ay nasa piling na lamang ng mga tunay na mga taong banal. Alam n'yo, sinabi ng Biblia na magaganap 'yun. [Sinasi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Uh-huh. Kayong mga nagbabasa ng Biblia, narinig kong sumigaw kayo ng "amen," at maging kayong mga mangangaral natin diyan sa bandang likod. Ganun nga, tama 'yun. Ang pag-ibig ay magiging napakalayo na, sa mga huling araw; ang tanging pag-ibig na matitira, ay sa piling na lang ng mga Hinirang na tao ng Diyos. "Ang ama ay magiging laban sa ina, at ang ina laban sa ama, at ang mga anak laban sa mga magulang, at ang iba pa ay laban sa isa't isa." At ang tanging pag-ibig na matitira, ay yaong mga Hinirang lamang, ito ngang mga Hinirang lamang. Ang salitang

“Hirang” ay mula sa salitang “Hinirang,” ang mga hinirang na tao ng Diyos.

⁸ At noong ikinukuwento nga sa akin kanina ni Rosella 'yung mga pangyayari sa kanya, doon sa silid, pinagbubulay-bulay ko, na, noon ngang gabing iyon, sinasabi niyang may bagay na naganap. At ikinuwento nga niya ang lahat, ang buong buhay niya, at kung paanong magkaduling-duling ang mga mata niya sa paglalasing. At hindi siya mabago, ng Alcohols Anonymous. Apat na doktor na ang sumuko sa kanya. Wala na raw siyang pag-asa. At nakamamangha nga, na noong gabing iyon, ay may naganap.

⁹ Ngayon nga'y napakalayo na niya sa dati niyang itsura. Isa na siyang kaibig-ibig, at napakagandang binibining trenta y tres anyos, na mapagkakamalan n'yong nasa mga bente y dos lang; nakamamangha nga ang ginawa sa kanya ng Diyos hayan nga't siya'y binago Niya, at ibang-iba na talaga ang itsura niya. At, kaya sinabi ko, “Rosella, bago pa itinatag ang sanlibutan, itinalaga na ng Diyos ang sandaling iyon.” Siyanga, po. Kita n'yo? Ganun po. At noon ngang si Billy Paul na nasa bandang likuran, sa puwesto niya, ay namamahagi ng mga prayer card sa mga tao noong gabing iyon, wala siyang kaalam-alam kung sinu-sino ang mga maaabutan niya ng prayer card.

Hindi ba't kamangha-mangha 'yun, Rosella?

[Sinasabi ni Kapatid na Rosella Griffith, “Kapatid na Branham, iniisip ko po kung maaari sanang maipanalangin kami ng iglesya para kami po'y mapatnubayan ng Diyos, dahil Siya naman talaga'y napakamakapangyarihan.”—Pat.]

Amen. Pagpalain ka ng Panginoon, Rosella. Natitiyak kong gagawin natin 'yan. Nais niyang maipanalangin siya ng iglesya na patnubayan siya ng Diyos. Nang sa gayon, sumunod siya sa kamay Niyang di nagbabago. Oh, napakabuti nga n'yan.

¹⁰ At nakatanggap nga ako ng isang alok na tila nilalagay ako sa alanganin, nitong umaga. Tungkol iyon sa isang, ubod ng yamang multimilyunaryong nais magtayo ng negosyo rito sa Louisville, Kentucky, at ipagtatayo raw ako ng limang milyong dolyar na tabernakulo. Subalit mayroong kung anong bagay sa kaibuturan ng puso ko na ang sabi, “Sandali lang, hindi ka naman pastor.” Kita n'yo? Kaya, ganun na nga ang nangyari, limang milyong dolyar ang mailalaan daw para dun. Ngayon maaari nga namang mapunta 'yun sa pamahalaan, pagkatapos gagamitin lang nila ang pera sa wiski at kung anu-ano pang mga bagay, ngunit gusto niyang ilaan iyon sa pagpapatayo ng isang tabernakulo para sa Panginoon. Kaya naman hangad kong mapunta talaga iyon sa isang lingkod ng Diyos. . . at sa ilang mga gawain para sa Diyos. Pero, hayan na nga't nailaan na itong limang milyong dolyar para dun. Mantakin n'yo po, kung gaanong Kagandang tabernakulo ang maipatatayo nun.

Napansin mo kung gaanong nakaengganyo 'yun, Rosella? Subalit may bagay nga *rito* sa kaibuturan na iba ang sinasabi. Kita n'yo? Kita n'yo? May bagay nga *rito* sa kaibuturan.

¹¹ Pumaparito nga tayo sa munting, lumang tabernakulo, kayo ring mga baguhang narito. Hayan na nga't, maaari itong maging isang napakagandang lugar dito sa panulukan, kung hindi n'yo alam, may mga taong gustong palakihin ang tabernakulong ito at pagandahin ito. Ngunit sa ganitong itsura namin ito gusto. Kita n'yo, sa ganitong itsura namin ito gusto. Iyan ngang mga lumang upuang kinauupuan natin ngayon, 'yan pa 'yung mga—mga luma't kauna-unahang upuang gamit namin dito sa tabernakulo, na binaha at lumutang noon sa baha.

¹² Yung Biblia ko ngang nakabuklat nang *paganoon* at nakalapag dito sa pulpito. Lumutang ito hanggang dun sa kisame at noong humupa na ay kasa-kasama pa rin ang Salita Rito, “Akong Panginoon ang nagtanim nito. Aking didiligin ito araw at gabi baka may umagaw nito mula sa Aking kamay.” Naabutan pa nga namin 'yun doon noong magbangka kami, *rito*. At bumalik nga ito pagkatapos sa dating puwesto, 'yung mga upuan naman ay nagsibalik din sa kani-kanilang puwesto. Ang kailangan na lang nilang gawin ay kuskusin ang mga dumi rito at puwede na uli. Kita n'yo? Kita n'yo? Hayan nga't sa ganitong itsura namin ito gusto, kung saan pangkaraniwan ang mga tao, pangkaraniwan ang lugar, at kamangha-mangha ang Panginoon. Amen.

¹³ Ngayon, sa araw na ito, mayroon tayong, nagsisimula pa lang tayong magtungo sa krema, alam n'yo, pagkatapos na—na maalis ang lahat ng gatas, krema na lang ang matitira. At alalahanin n'yo, kinakailangan ang gatas para makagawa ng krema, alam n'yo. Ang—ang krema ay naroon sa gatas.

¹⁴ Heto nga't natalakay na natin ang una, ika-2, at matatapos na tayo sa ika-3, at magsisimula na tayo sa ika-4 na kabanata ng dakilang Aklat na ito ng Mga Hebreo. At, oh, ang mga aral ng Aklat na ito! Maaari ngang makapanatili tayo Rito, sa isang talata, nang tatlong buwan, at ipakikita nito sa atin na ang buong Biblia ay dumudugtong sa bawat talata sa Biblia. Naisip n'yo na ba 'yun? Wala kang maituturo kahit isa mang talata na may mali, kundi, sa biyaya at sa tulong ng Espiritu Santo, maaari nga nating maidugtong Doon ang Genesis hanggang sa Apocalipsis.

¹⁵ Wala nang iba pang naisulat na panitikan saanman ang makagagawa ng ganun. At pagbatayan man ang matematika, at heograpiya man, saan man tingnan, walang Aklat sa Biblia ang naisulat na gaya ng Biblia. . . Walang aklat sa mundo, ang ibig kong sabihin, ang naisulat na gaya ng Biblia. Wala na. Ang numeriko ng Biblia ay tugmang-tugma sa isa't isa; maging ang mga kabanata, at mga bantas, at lahat, ay tugmang-tugma sa

isa't isa. Wala nang iba pang aklat; hindi ka makababasa ng isang kabanata rito na hindi tumutugma sa iba. Wala talagang kahit anong salungatan sa buong Biblia. At isiping isinulat ng maraming, maraming, maraming tao; na daan, daan, daang taon ang agwat sa isa't isa, wala rin silang kaalaman sa iba pang bahagi. . . Isinulat kasi Ito ng isa *rito*, at isinulat naman Ito ng isa *rito*, at isinulat Ito ng isa *rito*. Pero noong pinagsama-sama na Ito, nabuo Nito ang Biblia ng Diyos. At wala ni isang sumasalungat sa iba pa, at, wala talaga, pagbatayan man ang matematika, heograpiya man. Ang bawat bahagi ng Biblia, ang lahat ng naroon, numeriko, ang lahat ay ganap na nagkakaisa. Kung hindi nga ito kinasihan, hindi ko alam, kung ano pa ang matatawag n'yong kinasihan? Ikinagagalak ko nga nang lubos itong pinagpalang, matandang Biblia.

16 May nagsabi, "Isa ka bang Katoliko? Protestante?"

Sabi ko, "Wala riyon. Ang Biblia ang pinaniniwalaan ko." Siyanga. Pinaniniwalaan ko ang Biblia, at ikinagagalak kong malaya pa rin tayong nakapangangaral Nito sa bansang ito. Oh, Ito nga'y napakainam.

17 Ngayon mag-aaral na tayo mula Rito. At bubuklat na tayo ngayon sa Aklat ng Mga Hebreo at sisimulan natin sa ika-3 kabanata. At huminto nga tayo nun sa ika-15 talata. At ngayon inyong. . .

18 Sa palagay ko'y may nakapansin sa inyo, kanina, nang gamitin ko ang aking salaming pambasa. Hindi naman dahil sa malabo na ang mga mata ko, kundi lampas na rin kasi ako ng kuwarenta anyos. Kaya ko pa rin naman itong basahin, nang *ganito*, nang walang salamin, pero mas nababasa ko ito nang mas maigi kapag may salamin. At ginawan nga nila ako ng pares ng salaming pambasa na gusto kong gamit-gamitin, dahil nakapagbabasa ako rito nang mas maayos at mas mabilis. At iyon ang dahilan kung bakit nagpagawa ako nito. Ngayon doon sa. . .

19 Bago ang lahat, magbabalik-tanaw lang muna tayo, baka kasi may mga ilan dito na baguhan pa lang dumalo sa atin, na hindi naabutan 'yung unang bahagi ng Aklat ng Mga Hebreo.

20 Kayo po ba si Gng. Cox, 'yung nakaupo rito sa dulo? Buweno, ako nga'y tunay na nagagalak na makita siya. At bago tayo magsimula, magbibigay muna ako ng isang patotoo ng biyaya ng Diyos. Narito ang isang babaing may kanser na umuubos sa kanyang mukha. Siya po ang nanay ni Kapatid na babaing Wood. At naroon nga ako noon sa Michigan kasama sina Gene at Leo, at ng iba pa, na nagrerekord noon. At sa daan namin pauwi, tinawagan ako ng maybahay ko, o tinawagan ko siya. Sabi niya, "Manalangin ka agad-agad para sa isang Gng. Cox, ang nanay ni Gng. Wood, dahil inuubos na ng kanser ang kanyang mukha." Naubos na raw ang gilid ng mata hanggang sa pinakabuto,

tuluy-tuloy dun sa gilid ng mukha niya, at talagang kumakalat pa raw. May ginawang kung ano ang doktor, pero pinalala lang iyon, at kumalat pa; nilagyan kasi ng kung anong klaseng gamot iyon.

²¹ At kanilang dinala siya mula sa Campbellsville, Kentucky, papuntang . . . o, doon pala, sa Acton, Kentucky, papunta sa—sa Louisville, para magamot.

²² At kaya naman si Gng. Woods, 'yun ang unang beses na nakita ko siyang hirap na hirap ang kalooban. Dahil, siyempre, 'yun po ang kanyang—kanyang—kanyang nanay, at nakita ko ngang nakadama siya ng labis na paghihirap ng kalooban. Pumasok ako roon sa silid at ipinanalangin ang nanay niya, nagtitiwala sa sinabi ng Diyos na Kanyang tutugunin ang panalangin. At makalipas ang ilang araw, nilabas na ang nanay niya. At hayan na nga siya't nakaupo na riyan ngayon. Sa pamamagitan nga ng kamangha-manghang biyaya, heto na ang dakilang ginawa Niya para sa kanya.

²³ Maaari po ba kayong tumayo? Hindi ko sana gustong kayo ay—ay—ay patayuin sa maraming tao. . . Saan, saan pong banda 'yung kanser? Sa—sa may tagiliran ng mukha, hayan nga, sa bahaging *iyon* ng kanyang mukha, pababa sa banda *rito*, hanggang dito sa buto niya sa may pisngi, pataas dito sa paligid ng mata niya. At pinagaling na siya ng Diyos. Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁴ Ilan ang naririto noong nakaraang Linggo na nakasaksi sa ginawa ng Panginoon sa pamamagitan ng isang pangitain? Yung lalaki, lumpo na't bulag pa, nakaupo siya noon sa banda rito sa isang silyang de gulong. At napakasakit nun sa akin noong 'yung matandang lalaking nakaupo rito ang sabi niya, "Kapatid na Branham. . ." Sa palagay ko'y narito siya ngayon ang kapatid ngang nakaupo rito. Sabi, "Gawin mo rin 'yan sa asawa ko." Lumpo ang asawa niya. Biglang nalusaw ang puso ko. Kung maaari lang. . . Gagawin ko ang lahat ng puwedeng gawin dito sa mundo kung maaari, ngunit ito'y hindi. . . hindi ito nakasalalay sa sarili kong kapangyarihan. Pero nakasalalay nga ito sa aking kapangyarihan at sa inyong kapangyarihan, na makapanalangin na gagawin nga iyon ng Diyos. Yung asawa niya ay lumpo, di magalaw ang kamay, di magalaw ang paa, ganun na nga. At ang lalaking ito ay malayong mas malala pa kaysa dun sa babae, dahil nakatatayo pa at nakalalakad ang babae nang kaunti, samantalang hindi iyon magawa ng lalaki. At 'yung lalaki. . . Doon sa utak niya, wala na 'yung pinakaugat doon para makapanatili ng balanse. Yung mga nasa Mayo's, at marami pang iba, kanilang sinukuan na siya. At pinapunta siya rito ng isang Katoliko, isang Katolikong doktor; at ang anak nga niya ay pari roon sa St. Meinrad sa Jasper, Indiana. At pasimula pa lang 'yan ng rebaybal na parating, sa dako roon.

25 At noong tumayo siya, sabi niya, “Pero hindi ko kaya . . .” Nagpalinga-linga siya, at sabi, “Oo nga ’no, kaya ko nga.” Ang akala niya’y hindi siya makakakita, alam n’yo. Tumingala siya, at noong itaas niya ang kanyang ulo, hayan na nga’t nakalakad na siya at nakakakita na; naglakad siya riyan sa gitna, nang mag-isa. At mga Presbyterian sila. Isa siyang orthodox. At nagsalita . . . Kung ang akala n’yo mga Pentecostal lang o mga Holiness lang ang kayang sumigaw; nagkakamali kayo. Siguradong kaya rin nilang sumigaw kapag nakakakita sila ng gaya nung nangyari; nagyayakapan sa isa’t isa at sumisigaw. Naglakad siya palabas at pababa dun sa hagdanan, itinutulak niya ang kanyang silyang de gulong; naglalakad, kahit wala na’yung pinakaugat sa kanyang ulo para makapanatili siya ng balanse. Isipin n’yo’yun. Naglalakad na gaya n’yo o gaya ng paglakad ko. Oh, dakila nga Siya.

26 Ngayon, si Pablo ang nagsulat ng Aklat ng Mga Hebreo. At sa sulat na ito ng Mga Hebreo, siya ang nagsulat Nito. At bago Niya isinulat ang mga Aklat na ito . . . Napag-alaman natin. Tatalakayin natin ’yan . . . Ito nga pala’y isang pag-aaral ng Sunday school, kaya naman sisikapin kong bantayan ang oras at hindi masyadong magpakahaba. At pagkatapos nito tayo ay magkakaroon pa ng mga gawain, itutuloy natin ang mga ito mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Ngayon, sa Aklat ng Mga Hebreo at doon sa iba pang Mga Sulat ni Pablo . . .

27 Sino si Pablo? Isa siyang matapat na Hebreo, isang iskolar, at isang mahusay na tagapagturo ng Lumang Tipan. At naturuan siya ng isa sa mga pinakamahuhusay na lalaki ng kanyang panahon. May makapagsasabi ba sa akin kung anong pangalan ng lalaking ito. Si Gamaliel, isa sa pinakamahuhusay na guro ng kanyang panahon. At naupo nga noon si Pablo sa paanan ni Gamaliel.

28 May kung anong bagay na katangi-tangi pagdating sa . . . kung saan ka dumadalo, kung saang simbahan ka nagsisimba, at kung anong klaseng guro ang nagtuturo sa iyo. Alam n’yo ba’yun? May, may kung anong bagay na katangi-tangi rito. Kaya naman nararapat nating hanapin ang pinakamainam na matatagpuan natin, upang makamit natin ang pinakamainam; hindi dahil sa masaya ang sama-sama o anupaman, kundi dahil sa may tunay na katuruan ng Biblia.

29 Pansinin n’yo, minsan noong nagtungo ang Israel doon sa ilang kasa-kasama ang kanilang mga hukbo, at pitong araw na silang umaaligid-aligid doon, at naubusan na sila ng tubig. At malapit na silang mamatay, sabi nila, “Oh, kung may propeta lamang na malapit!”

30 At nagsabi ang isa sa kanila, “Mayroon tayo rito, si Eliseo. Nagbuhos siya ng tubig sa mga kamay ni Elias.” Nakita n’yo na ang mga sinasamahan niya? Sa madaling sabi, “Narito si

Eliseo na kasamahan ni Elias. Ang Salita ng Panginoon ay nasa kanya.” Nakuha n’yo ba? Tama ang naituro sa kanya. At sabi niya, “Narito siya. Puntahan na natin at sumangguni sa kanya, dahil ang guro niya ay si Elias, at nasa kanya ang katuruan ni Elias.” Nakita n’yo na ang kaibhan na nagagawa nito? Tama po. Nais nating maturuan.

³¹ Kaya, taglay nga nitong si Pablo ang katuruan ni Gamaliel. At si Gamaliel nga yaong dakilang lalaki na minarapat niyang magsalita, sapagkat isa nga rin siyang iskolar, noong simulang usigin ang iglesya noong panahong iyon, sabi niya, “Huwag na nating guluhin ’yan, mga kapatid. Kung hindi iyan sa Diyos, mawawasak din iyan, ganun nga. Subalit kung iyan ay sa Diyos, at kalabanin natin ito, masusumpungan natin ang ating mga sariling nangakikihamok laban sa Diyos.” Kita n’yo, ang ganda nga ng kanyang katuruan.

³² Nagsanay si Pablo sa gabay ng lalaking ito, at alam niyang isang napakahusay na tagapagturo si Pablo. Pagkatapos, isang araw, sa pag-aakala sa puso niyang mabuti iyon, na pinag-uusig niya ang Iglesya, pinuntahan pa niya sila upang dakpin.

³³ Ngayon tumalakay muna tayo ng isa pang maikling bahagi sa buhay ni Pablo, habang binubuo natin ang ating tagpo.

³⁴ Noong mahulog si Judas, sa pagkakasala, dahil sa pag-ibig sa salapi at kapalaluan sa buhay, nahulog siya mula sa biyaya at bumalik kung saan siya galing. At ang sabi ng mga alagad, “Dapat ay labindalawa.” At ang iglesya, sa buong kadakilaan nito at buong kapangyarihan nito, para ipakita ang kadakilaan ng iglesya; sa buong kadakilaan nito at buong kapangyarihan nito, kapos pa rin ito nang milyun-milyong milya, kahit pa sa pinakamainam nitong kalagayan. Sabi nila, “Dapat na tayong humanap, ng isa sa atin, na hahalili.” At kaya napili nila, sa pamamagitan ng palabunutan, si Matias. Mateas, ’yun nga po, o Matias. Si Matias, sa palagay ko’y siya nga. At nung kanilang napili siya at inilagay siya sa labindalawa, kasama ng labing-isa, para mabuo ang labindalawa, wala naman siyang nagawa kahit ano. Doon nga lang sa pagkakataong iyon nabanggit ang pangalan niya sa Mga Kasulatan. Hayan nga ang iglesya na gumagawa ng pagpili.

³⁵ Kasi nga naman, inisip nila, “Isa siyang maginoo.” Walang duda. “Isa siyang kahanga-hangang lalaki. Isa siyang iskolar. Matalino siya. Edukado siya. Isa siyang kahanga-hangang tao. Siya nga ang dapat humalili kay Judas at maging isa sa atin.”

³⁶ Pero, alam n’yo ba, kung minsan ’yung pinipili ng Diyos . . . iyon pa ’yung sa tingin natin, na parang wala sa hulog. Ngayon, ang napolis ng Diyos ay yaong Hudyong patulis ang ilong, na talagang napakamainitin ang ulo, na nagngingitngit ang bibig, “Paroroon ako, dadakpin ko ang bawat isa sa kanila. Aking—

aking ipatatapon sila sa bilangguan. *Ganito* ang gagawin ko.” Iyon pa ang napili ng Diyos.

Ang iba sa kanila ay pumili ng iskolar at diplomata. Iyon ang pinili ng iglesya.

³⁷ Kita n’yo, hindi n’yo nga kilala kung sino ’yung nasa altar. Hindi n’yo kilala kung sino ’yang nasa harap n’yo na nakikinig sa patotoo n’yo, diyan sa bilangguan o saan man. Mukha man siyang basagulero, may tagpas ’yung tainga, may pilat ang mga mata, at, hindi pa nga n’yo nakikilala kung sino ’yan. Gawin n’yo lang ang dapat n’yong gawin, ganoon lang, ibigay n’yo sa kanya ang Salita. Ang Diyos ang pipili.

³⁸ At ’yung hamak na may kainitan ang ulong Hudyo ang napili ng Diyos, o pinili, pala. Sa daan niya, “Paroroon ako at dadakpin sila. Aking—aking ipakikita sa kanila kung anong kaya kong gawin,” at isinubasob lang siya ng Diyos.

Sabi ng Diyos, “Hayan nga ang pinili ko, hayan siya.”

³⁹ Hindi ba’t mukhang kamangmangan iyon, sa iglesya? “Aba, inuusig ng lalaking ito ang iglesya. Isa siyang karnal.” Subalit alam ng Diyos kung ano ang nasa loob ng tao. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

⁴⁰ Pagkatapos, nagkaroon ng karanasan si Pablo. Ilan po ang naniniwalang dumarating ang karanasan sa pamamagitan ng pagbabagong-loob? Ganun ’yun. Kung hindi, pagdududahan ko ang pagbabagong-loob na iyon. Nagdadala ang pagbabagong-loob ng karanasan. At hindi n’yo ’yun maaaring ikabit sa kung anuman. Maaari kasi itong pagsigaw minsan. Kung minsan naman maaaring pagsasalita sa iba’t ibang wika. Kung minsan maaari namang pag-iyak. Kung minsan maaaring pagdaing. Hindi n’yo alam kung ano talaga, kaya huwag n’yong piliting sabihing ’yun na. Dahil, napatunayan nga na ang bawat isa sa inyo ay mali sa bagay na ito, kayong mga Methodist, at kayong mga Baptist, at kayong mga Nazarene, at mga Pentecostal.

⁴¹ Nakakita na nga ako ng mga taong ang lalakas humiyaw, pero magagawa nilang nakawin ang ginto sa inyong ngipin, magagawa nga nila. Siyanga, po. Nakakita na rin ako ng mga taong nakapagsasalita ng iba’t ibang wika na kasing ingay ng pagbubuhos ng gisantes sa tuyong balat ng baka, pero—pero ano ba naman ’yun, may subo-subong tabako sa gilid ng bibig, at magagawa nga nila kayong gilitan ng leeg kung maaari. Siyanga. Kaya nga ang ganoong mga bagay ay walang. . . Walang katibayan na makapagpapatunay, kundi sa pamamagitan lamang ng buhay na ipinamumuhay ng tao. “Sa kanilang bunga, ay inyong mangakikilala sila.”

⁴² Kaya, nakasalalay lahat sa Diyos. Siya ang nagpapasya. Siya ang nagdadala ng mga bagay-bagay sa kaayusan, at ganun ang takbo nito. Kaya kung maihalalintulad n’yo ang inyong buhay

sa mga bunga sa Biblia, may mainam na kayong pagkaunawa. Kung nagpapatotoo ang inyong espiritu kasama ng Kanyang Espiritu, na kayo nga'y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, kayo'y . . . Ang lahat ng kasamaang dating nariyan ay iwinaksi na, at ang lahat ay naging bago na, at nabubuhay na kayo sa pag-ibig, at mayroon na kayong kapayapaan, at biyaya, at ang lahat ng ito, kung ganun sadyang napakalapit n'yo na sa Kaharian. Dahil, ibinubunga na ng Buhay na iyon na nasa inyo ang ganoong uri ng buhay. Kita n'yo?

⁴³ Kung nakapagsasabi nga kayong, "Oh, hallelujah, nagsalita ako ng iba't ibang wika. Hallelujah!" Walang ibig sabihin 'yan. Hindi hihigit ang ibig sabihin n'yan kumpara sa kung paparito kayo at tutugtog ng himig sa isang gitara o anupaman. Walang ibig sabihin 'yan. Bagama't nakapagsasalita kayo ng mga wika, bagama't nakakasigaw kayo, at nakatatakbo pa nang paroo't parito sa gitna, at nakapagpapatulo ng luha na para bang kababalat n'yo pa lang ng sibuyas, wala pong ibig sabihin 'yan, wala po, liban lang kung ang araw-araw n'yong pamumuhay ay umaayon mismo, nananatili Rito.

⁴⁴ Ngayon, kung nagagawa n'yo ang gayong mga bagay, saka idagdag n'yo pa ang buhay na iyon, "amen," iyon nga'y, iyon ay mainam. Mabuti 'yun. Subalit maaaring gawin n'yo ang mga bagay na iyon pero hindi n'yo taglay ang buhay na iyon.

⁴⁵ Samakatuwid, hindi ang pagsigaw, hindi ang mga bagay na gaya nun ang katibayan. Sinabi ni Jesus, "Sa kanilang bunga, ay inyong mangakikilala sila." At ang bunga ng Espiritu ay hindi pagsasalita ng iba't ibang wika. Hindi iyon ang bunga ng Espiritu. Ang pagsigaw ay hindi bunga ng Espiritu. Ang pag-iyak ay hindi ang bunga ng Espiritung sinasabi rito. Kundi, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pananampalataya, kaamuan, pagpipigil, 'yun ang mga bunga ng Espiritu. Kita n'yo? Hayan nga ang mga bunga ng Espiritu. Iyan nga.

⁴⁶ Ngayon, ang dahilang kung bakit may mga ganitong bagay tayo, gusto kasi nilang bumuo ng mga organisasyon, kita n'yo na. "Buweno, magkakaroon tayo nun. Purihin ang Diyos, ang lahat ng naniniwala gaya ng paniniwala *namin*, halikayo rito sa gawi *rito*. Ang lahat ng naniniwala sa paniniwala *namin*, gagawi tayo *rito*." Subalit ang nais ng Diyos ay ang lahat ay gumawi sa gawing *Ito*, paitaas.

⁴⁷ Ngayon, si Pablo, matapos niyang makamit ang karanasan, napag-isipan niyang napakainam na karanasan iyon. Ngayon, kanya ngang . . . Atin—atin—atin muna palang pag-usapan nang ilang sandali ang karanasang iyon. Nasa daan noon si Pablo patungong Damasco, upang dakpin ang ilang tao roon, 'pagkat lumalaganap na ang Ebanghelyo roon. Ang ibig sabihin po ng *Ebanghelyo* ay "ang mabuting balita." At kaya laganap na iyon

sa kanila sa lugar na iyon, at maraming tao ang nagsilitawan, na punung-puno ng pag-ibig, at kagalakan, at nagmamahal sa Panginoong Jesus. At laganap na nga Ito sa gawi roon. Kaya, kumuha si Pablo ng ilang liham mula sa Punong Saserdote. Sabi niya, “Paroroon ako, at dadakpin sila, bawat isa.”

⁴⁸ Kaya nagsama siya ng maliit na grupo ng mga bantay, mga bantay ng templo, mga sundalo, para sumama sa kanya dun sa pagpunta. Habang nagmamartsa sila, at disididong-disidido na nga siya noon sa gagawin niya, bigla-bigla na lang, may nangyari. Bigla na lang, nagkaroon ng isang napakaliwanag na Ilaw sa harapan niya. Napakaliwanag na Ilaw, ngayon, nagliwanag Ito na parang araw. Hindi nga 'yun kapani-paniwalang mangyari. Nagliwanag ang Ilaw nang husto hanggang siya'y biglang, nagdilim ang kanyang mga mata, halos. At nasubasob sa lupa. At siya—siya'y nakahandusay sa lupa, at tumingala siya.

⁴⁹ Marahil ay may sampu o labinlimang lalaking kasama niya roon. Nakita ba ng kahit sino sa mga lalaking iyon ang Ilaw na iyon? Hindi, po. Si Pablo ang nakakita. Hindi itinalaga para sa mga kalalaking iyon ang makita Ito. Kaya nga, maaaring makita ng ilang mga tao ang mga bagay-bagay, samantalang, hindi makikita ng iba. Kita n'yo? Kaya, nakita nga ni Pablo ang Ilaw, na anupa't binulag pa nga siya Nito. Hindi nga siya makakita, nang ilang araw, Iyon nga'y hindi niya maikakailang nangyari. At hindi talaga siya makakita nang ilang. . .

Makalipas ang ilang panahon, nung gumagawa siya ng mga sulat, hindi siya makapagsulat maigi dahil sa mga mata niya, kaya naman nilakihan niya nang husto ang sulat niya. Sabi niya, “Nakikita ninyong sumulat ako sa inyo nang malalaking letra.” Hindi siya halos makakita.

⁵⁰ Naroon nga siya noon sa bilangguan, at hiniling nga niya sa Panginoon na pagalingin siya. At dumulog siya sa Kanya nang makatatlong beses. Ngunit ano ang sinabi ng Panginoon? “Ang Aking biyaya ay sapat, Pablo.”

⁵¹ Sinabi ni Pablo, “Kung gayon ako'y magmamapuri na may galak sa aking mga kahinaan.” Kaya nga, ang sabi niya, “At nang ako'y huwag magpalalo nang labis dahil sa kadakilaan ng Pahayag, ay binigyan ako ng isang sugo ng Diyablo, isang tinik sa laman, na tumatampal sa akin.” Bumubuti nga ang kalagayan niya pansamantala, at pagkatapos nun sige na naman uli.

Ang ibig sabihin ng *tumatampal* ay “sunud-sunod ang paghagupit.” Gaya ng barko sa dagat, alam n'yo, tumatampal ang mga alon dito, kita n'yo, sunud-sunod ang paghagupit.

At siya nga'y, siya nga'y bubuti, at babalik sa dati; tapos gagaling, tapos magkakaroon uli. Sabi niya, “Panginoon, ano pong nangyayari, bakit hindi Mo po ito alisin sa akin?”

52 Kanyang sinabi, “Ang Aking biyaya ay sapat, Pablo. Basta magpatuloy ka lang.” Patuloy ’yang . . .

53 Ang sabi niya, “Ngayon, kung—kung ako’y talaga namang walang kapintasan, at ang lahat sa akin ay walang kapintasan,” sabi, “kung ganyan nga ako, oh, maaari nga akong magmataas at sabihin, ‘Kita n’yo, wala akong kapintasan. Iniingatan ako ng Panginoon, kapatid. Hallelujah!’” Kung ganyan nga’y magiging mapagmapuri kayo sa sarili.

54 Kinakailangan nga kayong bigyan ng Diyos ng kaunting bagay, paminsan-minsan, na makapag-papakumbaba sa inyo nang kaunti, alam n’yo. Siyanga. Bagay na makapag-papaalala sa inyo na Siya ang Boss. Oh, hindi ba’t Siya’y kahanga-hanga? Siyanga, po, sadyang napakaluwalhati!

55 Kaya itong, si Pablo, matapos, pagkatapos nitong dakilang karanasan . . .

56 Ngayon, kung sa ibang tao ’yun nangyari, sasabihin nga ng taong ito, “Oh, purihin ang Diyos, hallelujah. Grabe, gumawa ang Diyos ng isang bagay para sa akin! Luwalhatiin ang Diyos!” Pero hindi ganun si Pablo; isa kasi siyang mag-aaral ng Biblia.

57 Kinakailangan kasing umakma iyon sa Salita ng Diyos. Siyanga, po. Kung hindi iyon lubusang umaakma sa Biblia . . . At hindi rin lang isang tingin mo lang *dito*, tapos sasabihin mo, “Oh, hayan nga, nariyan mismo. Purihin ang Diyos, natanggap ko Ito.” Huh-uh. Hindi ganoon ang pagkakaloob ng Diyos Dito.

58 Kinakailangan ngang itong buong Biblia, lahat Nito. Dahil, magagawa ninyong . . . Ginagamit nga ng mga hindi naniniwala sa Diyos ang Bibliang ito para palabasin ang gusto nilang palabasin sa debate. Hayan nga’t kukuha sila ng kapirasong Kasulatan *dito*, bubuklat dito at kukuha ng kapiraso uli sa banda *rito*, sisikaping pagdugtong-dugtongin ang mga iyon, gayung dalawang magkaibang paksa naman iyon, na kanilang pinagsama. Kaya naman, kailangan n’yong paghambingin ang Kasulatan sa Kasulatan.

59 Sabi nga ni Isaias, sa ika-28 kabanata, “Kinakailangang bilin sa bilin, bilin sa bilin; dito’y kaunti, doo’y kaunti.” “Ingatan ninyo ang mabuti.” Kita n’yo, sa Ganitong paraan dapat: bilin sa bilin sa bilin, Salita sa Salita, Kasulatan sa Kasulatan. Dapat itong umakma sa isa’t isa. Kaya naman, sa palagay ko, ang mga pag-aaral gaya nitong ginagawa natin ngayon, napakainam na bagay nga ito para sa iglesya, dahil dinadala ng pag-aaral na ito ang mga bagay na iyon sa isang dako para mapagdugtong-dugtong ang Kasulatan. At maging ang ating mga karanasan ay dapat dumugtong sa Kasulatang iyon. Oh, heto na nga ito! Kung hindi dugtong, ibig sabihin mali.

60 At noon nga’y lumakad ako nang ilang mga taon, na hindi nalalaman kung ano ’yung Ilaw na nagpasubasob kay Pablo.

Noong, itong sanlibutan, ang Mga Kasulatan. . . May mga tao, may mga mangangaral na pilit akong inuudyukan, “Sa Diyablo ’yan. Aba, magiging manghuhula ka n’yan. Espiritista ang labas mo n’yan. Huwag mong pakialaman Yan, Billy. May mali Riyan. Huwag mong gagawin ’yan, iho. Mali ’yan. Diyablo ’yan. Buweno, iho, manghuhula ang labas mo n’yan. Espiritista ang labas mo kung gagawin mo ’yan. Oh, ang lahat ng ’yan ay sa Diyablo. Hindi—hindi ’yan tama.” Subalit noong. . . Hindi ko nga ninais na ipangaral ang bagay na ’yan noon.

⁶¹ Subalit noon ngang nasa daan siya patungong Damasco, hindi ninais ni Pablong ipangaral ’yun, hangga’t hindi pa niya natutuklasan kung tama nga ba iyon o hindi. Naglumagi siya sa Arabia nang tatlong taon, at pinag-aralan ang Kasulatan. Ah! At noon ngang nagpakita siyang muli, sabi niya, “Ngayon ligligin n’yo nga ito palabas sa akin.”

⁶² Alam niya na talagang mahaharap niya ang mga Fariseo. Makakaharap niya ang mga Saduceo. Makakaharap niya ang sanlibutan, at ang mundo ng mga Gentil. At kaya si Pablo, ang Bibliang ito ay isinulat niya, itong Aklat ng Mga Hebreo, ay isinulat niya para sa layuning iyon. Niliglig niya ang mga Hebreong naroon, at kinuha ang Lumang Tipan at ipinakita Ito dito sa Bagong Tipan. “Ito ang Diyos,” sabi niya, “heto nga’t narito sa—sa lahat ng mga propeta at sa lahat-lahat.” Nagsimula siya roon sa pasimula, sa unang kabanata na tinatalakay natin, “Sapagkat ang Diyos sa unang panahon, noon pa ngang nagdaang mga panahon, sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan, ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta.” Sa ganoong paraan nga dinala ng Diyos ang Kanyang mensahe, pinatunayan sa pamamagitan ng Urim Thummim. “Na nagsalita sa atin sa araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus,” pinatunayan sa pamamagitan ng Kanyang Biblia. Hayan nga.

⁶³ Pero heto sasabihin ng sanlibutan na ang mga karanasang ’yun, “Oh, kathang isip lang ’yan. Aba, walang sinuman. . .” Noong nagpakita ang Anghel, ang Ilaw na iyon doon sa ilog, noon ngang nangaral ako nung una kong rebaybal dito sa may panulukan, binautismuhan namin ang lahat ng mga naroon. . . Sa palagay ko, Kapatid na Fleeman, naroon ka nga noon. . . Hindi ko sigurado kung narito ka na nga noon o wala pa. Ilan ang naririto na noong ang—noong nagpakita ang Ilaw sa ilog? May mga datihan po ba? Hayan nga, may ilan. Noong naparito Ito sa ilog.

⁶⁴ At ang sabi nga nila, “Malikmata lang iyon.” Samantalang marami sa amin ang nakatayo nga noon, nakatingin Doon, at bumaba pa nga Ito. At makalipas ang mga taon, pinatunayan naman Ito ng Diyos sa pamamagitan ng mekanikal na mata ng kamera. Totoo po ito.

65 “Buweno, ito ba—ito ba ay gawa-gawa lang? Ito ba ay isang bagay na—na . . .” Hindi, po. Kinukuha natin ito mismo rito sa Biblia at ipinakikita sa inyo. Ito ang siya ring Panginoong Jesus. Ginagawa Niya ang siya ring gawa. Di nagbabago ang Kanyang mga gawa. Di nagbabago ang kapangyarihan Niya.

66 Pansinin n’yo, nung nakaraang Linggo, dito. Doon, noong nakahiga ako sa highaan, hindi ko pa kailanman nakikita ang lalaking iyon sa tanang buhay ko. Biglang may lumitaw at ang sabi, “May isang lalaki sa tabernakulo, at ubanin, itim ang buhok, ubanin na. Bulag siya, at hindi siya makalakad. Siya ay nasa isang silyang de gulong. Ipinadala siya rito ng isang lalaking may maitim na buhok; isang doktor, Dr. Ackerman, isang lalaking maitim ang buhok, Katoliko siya. Ipinadala ang isang lalaki, naupo sa dako *roon*. At GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” nakatayo, nakalakad palabas na nakakakita na at magaling na. Ano ang may gawa nun? Narito nga ang siya ring Anghel. Ang siya ring Yun na nagpasubasob kay Pablo, sa daan patungong Damasco, na tumatahan na sa Kanyang Iglesya at sa Kanyang bayan ngayon. Ito’y Kasulatan na inihahambing sa Kasulatan. Ganoon kasi dapat ito.

Oh, may mga *malahininga* nga tayo. Papunta na tayo riyang, maya-maya.

67 Oh, may malalim tayong bagay sa ating harapan, kung matatalakay lamang natin ’yan, ngayong umaga at mamayang gabi. Ngayon palusong pa lamang tayo roon sa malalalim na tubig. Kung saan inyong . . .

68 Alam n’yo ba, noong batang paslit pa ako, may maliit na patubigan sa likod ng lugar namin, at pumupunta ako roon. At lahat kaming mga maliliit na bata ay lulusong, hubad; maliliit, mga anim, pitong taong gulang. At aming . . . Mga *ganito* lang kalalim ’yung tubig. Hindi naman kasi iyon naiiba sa lubluban ng baboy. At may malaking kahon akong matatalunan doon na gawa sa kahoy. Gusto kong ipakita na kaya kong tumalon sa tubig; pipisilin ko ang ilong ko, at tatalon doon, sasaboy ’yung tubig nang *paganoon*. At tatama ang maliit kong tiyan sa putikan, alam n’yo, at talagang magtataksikan ang putik kung saan-saan. Sinabi ko sa tatay ko na kaya ko nang lumangoy.

69 Dinala niya ako roon isang araw. Sabi niya, “Gusto kitang makitang lumangoy.” Tumalon ako roon, alam n’yo; hinubad ko ang mga damit ko, doon sa tago; at tumakbo, tumalon sa tubig. Kumakampay-kampay ako roon, nagtataksikan ang putik kung saan-saan. At naupo si Tatay sa ibabaw ng alkantarilya. Naupo siya roon at pinanood ako nang ilang minuto. Sabi, “Umalis ka na sa tubigan, at maligo ka, at umuwi ka na.” Kita n’yo?

70 Buweno, sadyang ganyan din, ang ilan sa ating itinuturing ang mga sarili na Cristiano. Gumagapang lang tayo sa putikan. Ganoon nga. Hangga’t hindi kayo makawala sa, “Methodist ako.

Pentecostal ako. Presbyterian ako. May katibayan na ako; taglay ko na Ito.” Gumagapang lang kayo sa putikan.

71 Isang araw ay kasama ko noon ang tiyo ko. Paulit-ulit kong sinasabi sa kanya. . . Siya ay mga labinlima, labing anim na taong gulang. Naroon kami sa may ilog. Sabi ko, “Tito Lark, marunong na akong lumangoy.” At nakaupo ako noon sa likod ng bangka, alam n’yo, panatag na panatag ang pakiramdam. Bigla na lang niyang dinampot ang sagwan at itinulak ako, dun sa mga sampung talampakang lalim na tubig. Ibang-iba talaga ’yun; maririnig mo na ang lahat na ng pakampay-kampay, at pagsigaw-sigaw, na maaari mong marinig sa buong buhay mo.

72 Isang araw ay maaaring may tumulak sa inyo, kaya dapat alam na alam n’yo ang inyong kinatatayuan. Siyanga, po. Kung kilala n’yo Siya, siguraduhin n’yong talagang kilalang-kilala n’yo nga Siya. Siyanga.

Heto nga’t papalusong na tayo roon ngayon sa malalim na tubig, malalim ngang tubig, kung saan malulunod kayo kung hindi—kung hindi kayo husto, sa pagpapakain na Cristiano.

73 Pansinin n’yo ang Salita. Si Pablo, noong una’y sinaliksik niya ito. Binalikan niya ang Lumang Tipan, at nasumpungan niya ito. Naunawaan nga niya ang karanasan niyang iyon, nang ganap. “Ngayon ano nga ba Yaong nagpasubasob sa akin?”

74 Isa yaong Liwanag, malaking Liwanag na naroon, nagliliwanag na parang araw, na naroon sa harapan niya mismo. Sabi Nito, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?”

75 Sabi niya, “Panginoon, sino Ka baga na aking pinag-uusig?”

76 Kanyang sinabi, “Ako si Jesus.”

77 “Ang akala ko’y isa—isa Siyang tao, may pilat ang kamay, gaya ng sinasabi nilang nagpapakita sa mga pagtitipon ngayon, na may mga pilat nga ng pako sa Kanyang mga kamay at Kanyang ulo.” Hindi, hindi; hindi ang katawang *iyon*, hindi sa katawang *iyon*. Kita n’yo? Isa na Siyang Liwanag. Saulo. . .

78 Noong naririto pa Siya sa lupa, Kanyang sinabi, “Ako’y nagbuhat sa Diyos. Ako’y paroroon uli sa Diyos.”

79 Siya ang Anghel na nanguna sa mga Anak ni Israel na nasa Liwanag na ito, doon sa ilang. Bumalik nga Siya sa Liwanag ding iyon. At nakita Ito ni Pablo, mula roon sa Lumang Tipan. Kanyang sinabi, “Ako si Jesus, ang Anghel ng Tipan.”

80 At Siya’y nagkatawang-tao, upang matubos tayo. “Hindi Siya nagkatawang Anghel,” nakita nga natin sa mga naunang kabanata, na ating pinag-aaralan. “Hindi sa kalikasan ng mga Anghel, Siya’y ang Binhi ni Abraham,” upang Siya’y makilala, upang *makita* ng mga tao ang Diyos. Amen.

Hayan nga’t sinabi Niya, “Ako’y Paroroon uli.”

81 At noong naunawaan na Iyon ni Pablo, ang sabi niya, “Oo naman, Siya nga iyon. Siya Iyon.”

82 Nagkaroon ng karanasan isang gabi si Pedro habang siya’y nananalangin. Pumasok ang siya ring Liwanag na iyon sa gusali, binuksan ang mga pintuan sa harapan niya, nakalabas siya sa mga lansangan. At ang akala ni Pedro’y nananaginip siya; puspos siya ng espiritu. Hindi niya alam kung ano ang nangyari. Sabi niya, “Gising na ba ako? Pero bakit narito ako sa labas sa may lansangan.”

83 At nagtungo siya sa bahay ni Juan Marcos. At binuksan ng isang dalagita ang pintuan, isang kabataang binibining naroon, dumalo sa pagtitipon nila para manalangin. May kumakatok sa pintuan. Pinagbuxan niya. “Oh,” sabi niya, “narito na mismo ngayon si Pedro. Ipinapanalangin n’yo na makalabas siya mula sa bilangguan. Hayan inilabas na siya ng Panginoon.”

84 “Oh,” sabi nila, “magpatuloy lang tayo.”

“Oh Panginoon, iligtas Mo siya!”

85 “Pero,” sabi ng babae, “nakatayo na siya sa may pintuan, kumakatok.”

Patuloy ang pagkatok ni Pedro, “Papasukin n’yo ako.”

86 “Oh,” sabi ng babae, “si Pedro nga ’yun.” Noong panahong iyon, at mayroon pa rin nga sila nito, ’yung maliit na tablang bintana. Maliit na pansara ’yun, itataas mo lang at masisilip mo na ang labas, kita n’yo. Bago mo papasukin ang bisita mo, dapat mo munang alamin kung sino ang kumakatok sa may pinto. Dahil, may mga magnanakaw sila nung araw; at kung basta mo na lang buksan ang pinto, papatayin ka nila.

87 Kaya, binuksan nila ang pinto. Sabi ng babae, “Oh diba po si Pedro.”

88 Sabi nila, “Oh! Oh, naku, patay na siya. Ang anghel niya na ’yan na nakatayo riyon. Kita n’yo? Pumasok na siya sa kanyang niluwalhating katawan, alam n’yo, yaong theophany.”

89 Naaalala n’yo pa ba nung tinalakay natin Iyon, ’yung malaking Brilyante, kung papaanong inaaninag Nito ang Ilaw, kung paanong bumalik Iyon doon? Ang. . . “Ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira, may isa na tayong naghihintay.”

At inakala nga nilang patay na si Pedro, hinubad na niya ang lumang katawan na ito, at ililibing na nila ang katawang iyon sa susunod na mga araw. Pumasok na siya sa kanyang anghel, o sa kanyang niluwal-. . . Hindi niluwalhating katawan, kundi sa kanyang theophany, yaong katawan na nakahanda. Hindi ka nga lang nito makakamayan. Wala itong mga kamay para makipagkamay, gaya ng ginagawa n’yo, ngunit nasa anyo ito ng tao. “Pumaroon, at kumakatok sa may pinto.”

90 Sabi ng babae, “Hindi po. Si Pedro talaga ’yan. Siya ’yang nakatayo riyon.” Binuksan nito ang pinto at pumasok. Hayan nga siya. Hayan, iniligtas ng Liwanag na ito si Pedro.

91 Ngayon, sa gayon ding paraan noong ang sinaunang... si Pablo, sa sinaunang Iglesia, noong makita ni Pablo yaong Liwanag ng Diyos na suminag sa kanya, nanaog nga sa gayon ding paraan ngayon ang Bagay na ito. Ngayon, maraming puwedeng sabi-sabihin ang kung sinu-sino tungkol dito, pero hindi ibig sabihing tama na agad. Kundi kapag pinatunayan ng Diyos ang isang bagay, ang gawa kasi Niyon ang nagpapatunay Rito. At, pinatunayan nga rin Ito ng kamera. At ang lahat ng ating... na ginawa ng Panginoon, lahat ay ganap, at dimapasubaliang pagpapatunay na Ito nga ang Diyos, sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, sa pamamagitan ng pagkilos Nito, sa pamamagitan ng karanasan. Subalit ayaw nilang makinig.

92 Pansinin n’yo ang tabernakulo rito. Ngayon, tandaan n’yo, alam n’yo na ito. Hindi tayo naghahangad ng maraming dadalo. Wala rin naman tayong lugar para paglagyan sa kanila, ganoon na nga. Ngunit, tingnan n’yo. Ang isang pagtitipong gaya nito, kung saan nagkakasama-sama tayo para sa bagay na ito, ay makaaakit ng singdami ng pumupunta ng Falls Cities. Ngunit patay sila. Totoong patay sila. May mga mata naman sila ngunit hindi sila makakita.

Sasabihin n’yo, kayo, “Aba, Kapatid na Branham, hindi ba sila puwedeng bumisita sa doktor at ipaayos ang kanilang mga mata?” Hindi niya maiaayos ang ganoong uri ng paningin.

93 Sinabi ni Jesus, “Kung nakilala sana ninyo Ako, ay nakilala sana ninyo ang Aking panahon.” Sabi Niya, “Kayong mga bulag na mga Fariseo. Marurunong kayong magsikilala ng anyo ng mga langit, datapuwat ang mga tanda ng panahon, ay hindi ninyo mangakilala.”

94 Lampas-lampasan na lang ba ito sa inyo? Pakinggan n’yo. Tingnan ninyo ang mga tanda ng panahon na kinabubuhayan natin. Ngayon, hindi lang ito kung anong... Ako, nga po, isang pangkaraniwang tao, ni hindi nga mangangaral, na matatawag. Wala akong pinag-aralan, hindi matatawag gaya ng itinuturing ng sanlibutan na, “mangangaral.” At mahihirap nga lang tayo. Tingnan n’yo itong gusaling pinagdarausan natin. Tingnan n’yo ang mga katedral, ngayong umaga. Subalit tingnan n’yo naman kung saan naroon ang Diyos. Iyon ang mahalaga.

95 Gayundin ang Moab sa lahat ng kanyang karangyaan at kanyang kagandahan, habang naroon ang Israel sa mga tolda. Pero saan naroon ang Diyos? Naroon nga ang isang grupo ng mga holy-roller, na ginagawa raw ang lahat ng mali. At si Balaam, ang kanilang—kanilang obispo, hindi niya nakita yaong Batong hinampas, yaong Tansong Ahas, yaong Haliging Apoy. Bulag

ang kanyang mga mata. Hindi niya makita Iyon. Ang sabi niya, “Guni-guni lang nila Iyon.” Ngunit naroon ang Diyos.

⁹⁶ Purihin ang Diyos, oh, narito Siya! Ang Diyos ay narito, at ginagawa Niya ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon. At gagawin nga Niya . . . Ipinaghahambing natin ang Kasulatan sa Kasulatan. Ni kailanman ay hindi ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili na akala mong kung sinong bigatin, sa lupa, kundi tumatahan Siya lagi sa mga karaniwan at mabababang tao. At narito nga Siya sa umagang ito, ginagawa ang siya ring mga bagay na ginagawa noon. Pinagtitibay Ito ng Kasulatan. Pinagtitibay rin Ito ng kamera. Ngayon, hayan nga Siya, ang dahilan kung bakit tinutukoy ko ang larawan na ’yan, ay hindi dahil nariyan ako. Ako’y—Ako’y isang hamak na makasalanang, na naligtas sa pamamagitan ng biyaya, gaya rin n’yo naman. Ngunit ang nais ko sanang iparating sa inyo, ay, Ito nga ang Kanyang Presensya na kasa-kasama natin. Iyon ang mahalaga. Buweno, kung ginawa nga Niya akong—akong si Eliseo na nagkatawang-tao, kung wala kayong pananampalataya para paniwalaan ito, wala talaga itong magiging saysay sa inyo.

“Siya’y naparito sa sariling Kanya. Siya’y hindi tinanggap ng mga sariling Kanya.”

⁹⁷ Iyan nga ang dahilan, kung bakit dito sa siyudad ngayon. Aba, magsimula man ako ng rebaybal dito, sa isang malaking gusali o gaya nun, hindi n’yo talaga magagawang papaniwalaan ang maraming tao rito. Sadyang hindi sila maniniwala. Hindi nila magagawa. Tapos na ang panahon nila.

⁹⁸ Ito ngang pinag-aaralan natin, ngayong umaga, kung sa Aprika ito, marahil ay makahahakot na ito ng sampung libo, mababa na ang, sampung libong mga kaluluwa kay Cristo; kumpara sa isa lang na makasalanang nakaupo rito ngayong umaga, o dili kaya, isa lang na tumalikod sa pananampalataya. Karamihan sa kanila ay paulit-ulit nang nakarinig, hanggang sa sadyang tapos na. Ganoon nga.

⁹⁹ Kaya ang gusto sana nating iparating, ay, ang Kasulatan ay kailangang humambing sa Kasulatan. Ngayon, kahit gaano pang kaganda ng karanasan na ’yan, maliban na maihambing ’yan sa Kasulatan, mali pa rin.

Ang Urim Thummim nga, kahit gaano mang kagaling ng propeta, kung nagsalita siya at hindi kumislap ang mga ilaw na naroon sa Urim Thummim, mali ang sinalita niya. Gaano mang kabuti ng panaginip, kung hindi kumislap sa Urim Thummim, mali ang panaginip.

Noong magwakas ang pagkasaserdoteng iyon, itinayo ng Diyos ang Kanyang Biblia. Sinabi ni Pablo, “Kung isang Anghel na mula sa Langit ang paririto,” Mga Taga-Galacia 1:8, “at mangangaral ng anumang ebanghelyo na iba sa aming ipinangaral na sa inyo, ay matakawil.”

100 Sinabi ng Anghel na mula sa Langit kay Juan na kilala ring ang tagapagpahayag, sinabi ng Diyos Mismo, “Akong si Jesus ay isinugo ang Aking anghel upang pagtibayin, o upang ipakita ang mga bagay na ito.” Sinabi Niya, “Kung ang sinuman ay magdagdag ng isang salita Rito, o mag-alis ng isang Salita mula Rito, ay aalisin sa Aklat ng Buhay, na para sa kanya.” *Ito* na Lyon, ang Biblia.

101 Samakatuwid, ang mga karanasang ito at ang mga bagay na ito na nagaganap dito, kung hindi ito pinagtibay ng Salita ng Diyos, maling-mali nga ito; hindi ko alintana kung ano man ang mangyari, maling-mali ito. Kaya naman dapat lang na ito’y nababatay sa Kasulatan, sa ganap na Katotohanan. Oh, lubos akong nagagalak na bahagi ako ng dakilang Katawan ni Cristo.

102 Ngayon, pumaroon na tayo ngayon, papunta na tayo sa pinag-aaralan natin. Ngayon, nagtapos tayo sa dako rito kung saan sinabi niya, “Yamang nakukubkob tayo. . .” hindi po pala riyon. . . Pagpaumanhin po. Yan ’yung, ika-12 kabanata ’yang binabanggit ko. Binabasa-basa ko na ito, subalit hindi ko pa ito napag-aaralan. Akin ngayon. . .

103 Si Kapatid na Norman, nanunuluyan siya roon sa bahay ko, at alam niyang kararating ko lang kahapon, at alam ng mga kapatiran, sa dako roon, na kararating ko lang. Ang tanging panahon na lang para makapagbasa ako ng Kasulatan, ay nung nakaupo na ako rito, kanina. Ganoon na nga. Hindi ko Ito inaalar sa ganang akin, naghihintay lang ako sa Espiritu Santo na ibigay Ito sa paraang nais Niya. Alam Niya kung saan—saan makikita ’yung tao, na itinalagang makatanggap Nito. Kaya kung may nabuo na ako sa isip ko na sasabihin ko, malamang ay mali ’yun. Ngunit kung hahayaan ko lang Siyang kumilos, dadalhin Niya ito roon sa mismong dako kung saan nga Ito nararapat. Kita n’yo? “Huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasalitain, dahil hindi Naman kayo ang magsasalita, kundi ang inyong Ama Naman na tumatahan sa inyo. Siya ang magsasalita.”

104 Ngayon, doon sa huling kabanata, sa nakaraang kabanata, narinig natin ang ganito, sabi, “Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan; Na ipinangal ng Panginoong Jesus noong una, at Kanya ngang ipinangal sa atin na mga nakarinig sa Kanya?” Ang siya ring mga bagay na ginawa ni Jesus, na nagpapatunay, ’yan ding mga bagay na ’yan ang nagaganap dito: siya ring Anghel ng Diyos, siya ring mga gawa, siya ring katibayan, siyang lahat-lahat, walang nabago, siya ring Ebanghelyo, eksaktong-eksakto sa Salita. “Kung itinuro iyon ng Panginoon, saka pinatotohanan ng Kanyang mga alagad ang narinig natin,” maging si Pablo ay ganun din, “papaanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan?”

¹⁰⁵ Ngayon, sinasabi nga iyon ni Pablo sa mga tagapakinig niyang mga Hebreo. Ngayon, wala pa nga sila noong mga teyp rekorder, di gaya ngayon, na meron tayo. Ngunit may mga eskriba sila noon na nakaupo roon, isinusulat Ito habang Ito ay ipinangangaral ni Pablo.

At Ito nga rin iyon sa panahon natin ngayon. Nirerekord natin Ito sa pamamagitan ng mga teyp rekorder, at ang mga teyp na 'yan ay ipinadadala sa iba't ibang panig ng mundo, kita n'yo, upang ipakita na Ito yaong Katotohanang iyon. Ang relihiyon natin ay hindi walang kabuluhan, Ito nga'y hindi mapasusubaliang si Jesus Cristong nabuhay na mag-uli, wala nang iba. Kaya hindi natin Ito dapat ipagsawalang-bahala.

¹⁰⁶ Ngayon, sa paglabas n'yo ng simbahan, mamaya, huwag n'yo nawang sabihin lang, "Buweno, nasiyahan naman ako sa pagdalo ko roon. Gusto ko 'yung awitan, at magiliw 'yung mga dumadalo roon sa munting simbhang iyon." Huwag n'yong gawin ang ganoon.

¹⁰⁷ Kapatid, ang dapat n'yo ngang gawin ay pagningasin ang inyong puso, at sabihing, "Hayan nga, kailangang may gawin ako sa bagay na ito. Dapat nga akong humayo at magsikap na makaakay ng mga tao tungo sa kaligtasan."

¹⁰⁸ At huwag namang sige sa paghayo, tapos sasabihin n'yong, "Purihin ang Diyos, kung hindi ka magsisisi, mapapahamak ka." Huwag ganoon.

Mahinahan lang. "Mangagpakatalino kayong gaya ng ahas, at mangagpakatimtimang gaya ng kalapati." Kita n'yo, ganoon dapat. Lapitan n'yo 'yung tao, at kung nag-aalaga siya ng mga manok, makipag-usap ka muna tungkol sa manok, sa taong ito, pansumandali. Kita n'yo? At pagkatapos, maya-maya na 'yan, nag-uusap na kayo tungkol sa Panginoon. Kung isa naman siyang magsasaka, pag-usapan n'yo ang sakahan niya.

¹⁰⁹ Kung nagbebenta siya ng mga sasakyan, pag-usapan n'yo ang mga sasakyan niya, pansumandali, "Ang ganda naman ng mga sasakyan mo," ganoon nga. Kita n'yo?

¹¹⁰ Hanggang sa kumilos na sa'yo ang Espiritu, kapag sinabi na ng Ama, "Ngayon na ang oras para makipag-usap ka sa kanya tungkol sa kanyang kaluluwa."

¹¹¹ Maaaring ganito muna ang sabihin n'yo, ganito, "Maganda talaga 'yang sasakyan na 'yan. Alam mo 'yung mga sasakyan, ngayon, mas gumaganda na kaysa dati. Oh, napaglalapit-lapit nga nito nang husto ang mga bansa; at ang mga bayan dito sa ating sariling bansa, mas nagiging magkakalapit sa isa't isa. Mas madali nang dumalaw ang mga magkakaibigan at mga mag-iina sa isa't isa. Alam mo, malaking bagay talaga ang magkaroon ng sasakyan gaya ng ibinebenta mo."

112 “Tama, ’yun. Ganun nga. Uh-huh.” Alam n’yo, may subo pa ’yang tabako, o anuman ang tawag diyan. “Oo, itong mga ’to, magagandang klase nga ng sasakyan ang mga ’to.”

113 “Naisip mo na ba noon kung ano kaya ang maisip ng mga matatanda kapag nakita nila ang gaya nito?” Ituluy-tuloy n’yo lang ang pag-uusap, ganoon.

Maya-maya n’yan, sasabihin n’ya, “Oo, siyanga, naisip ko na rin ’yan.”

114 “Alam mo, kung ano pang puwedeng gawin nito, madadala ka nito sa mga pagtitipon gaya nung ginagawa namin, gaya ng mga rebaybal. Maaaring makadayo ang mga tao mula sa iba’t ibang panig ng bansa, nang mabilis, para dumalo sa rebaybal.” Kita n’yo, ito na ’yung pinaghahandaan n’yo, mula kanina, alam n’yo.

115 Kung naramdaman n’yo nang may Bagay roon na parang pinatitigil na kayo, huminto ka na roon mismo, at lumipat ka na *rito*. Gaya ng sabi ng isang doktor, doon sa Phoenix, sabi, “Panginoon, punuin Mo ang aking bibig ng mabubuting salita, at saka Mo po ako kalabitin kapag tila naparami na ang nasabi ko.” Kita n’yo? Siyanga. “Kalabitin Mo po ako kapag naparami na ang nasabi ko.”

116 Ngayon, tumuon tayo rito, simulan natin mula sa ika-15 kabanata, o ika-15 talata ng ika-3 kabanata, pakinggan n’yo ito nang maigi.

Samantalang sinasabi, Ngayon kung inyong... marinig ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigas ang inyong mga puso, na gaya ng sa pamumungkahi.

117 Ngayon masdan n’yong maigi ang pinangungusap dito ni Pablo. Ngayon ang sabi dun, “Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon.” Patutungo na tayo rito pagkatapos ng ilang sandali, sabi rito, “Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon.” Dito nga sa kasunod na kabanata, “Pagkatapos ng ilang panahon.”

...sinabi, Ngayon kung inyong...marinig ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigas ang inyong mga puso, na gaya ng sa araw ng pamumungkahi, noong ginalit nila ang Diyos.

118 Ngayon basahin natin ang kasunod na talata.

Sapagkat sino-sino, na pagkarinig, ay namungkahi:...

Ngayon ano ba ang tinutukoy niya rito? Ebanghelyo.

...hindi бага yaong lahat na nagsialis sa Egipto sa pamamagitan ni Moises?

At sino-sino ang kaniyang kinagalitan sa loob ng apat na pung taon? hindi бага yaong nangagkasala, na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang?

119 Huminto tayo rito pansumandali. Itong *pagmumungkahi*, “noong iminungkahi nila sa galit.” Ngayon ano ang ginawa ng Diyos? Sinisikap ngang ipangusap ito ni Pablo rito. Ano nga ba ang Bagay na iyon na nanguna sa kanila palabas ng Egipto? Si Moises ba? Hindi. Si Moises ay instrumentong-laman lamang.

120 Ngayon ay may tagpo na tayo. Nais nating linawin ito nang mainam ngayon. Pagdating natin sa dakong ‘yan, maya-maya, makikita na ninyo—ninyo ito maigi.

121 Ngayon, hindi pirmi ang kapahingahan ng bayan ng Diyos. Naroon kasi sila sa Egipto. Wala sila sa tama nilang posisyon. Wala sila sa kanilang sariling bayan. Mga taga-ibang bayan at mga manlalakbay sila, at inilabas sila ng Diyos mula sa dakong iyon na pansamantala nilang tinutuluyan, sa—sa Egipto, para dalhin sa sarili nilang bayan.

122 Tipo ‘yan ngayon; hindi pa tayo nakapipirmi. Sa dakong ito napakabilis lumipas ng panahon. Una mga mumunting batang lalaking namimintog ang mga kamay na naglalaro ng holen, mga mumunting batang babaing may kilik-kilik na manika, naglalaro-laro; tapos hindi mo namamalayan, may uban ka na, at nangungulubot na. May mali nga rito. Hindi ito ang ating tahanan. Nasa maling lugar tayo. Kaya sinasabi nating mga manlalakbay at mga nangingibang bayan tayo. May bagay na naganap.

123 May isang munting binibini ang sabi niya, kaninang umaga dun sa silid, nabanggit niya kung papaanong tinatawanan siya ng mga tao, kung minsan. Sabi ko, “Ngunit, kapatid, iha, hindi ka kasi kabilang sa kanila.” Tayo ay mga kakaibang mga tao.

124 Sabi ng munti kong anak na babae, “Daddy, may mga *ganito’t-ganoong* mga kabataang babae na *ganito’t-ganoon* ang mga ginagawa nila.”

125 Sabi ko, “Ngunit, tingnan mo, anak.” May mga plaka sila ni Elvis Presley. Sabi ko, “Ayaw kong may ganoon sa bahay.”

126 Sabi niya, “Pero, daddy, mababait naman sila.”

127 Sabi ko, “Maaari nga. Wala nga akong anumang masasabi laban diyan. Ngunit may isang bagay, naiiba tayo. Naiiba tayo. Hindi dahil sa gusto nating maiba, kundi ang Espiritung sumasaatin ay lumabas na mula roon. Taga-ibang mundo ka na.”

128 Noong pumunta nga akong Aprika, hindi ko kayang iakma ang sarili sa kanilang—kanilang—kanilang pamamaraan ng pamumuhay roon. Hindi sila nagsusuot ng anumang damit. Hubad sila. At namumulot sila ng kung anong bulok na bagay, may mga uod ‘yun, tapos kakainin nila ‘yun, kahit may uod pa; wala sa kanilang kaso ‘yun. Kita n’yo?

¹²⁹ At Ito nga'y naiiba. Alam n'yo, noong araw, ganoon din tayong lahat, ngunit namulat tayo sa kabihasanan at naging iba.

At ngayon mas dobleng iba tayo nang makamilyong beses dahil sa pagbabagong-loob. Ayaw na natin ng mga bulok na bagay ng sanlibutan. Pinaging mga Cristiano na tayo ni Cristo; gaya ng pagmulat sa atin ng kabihasanan na panatilihin ang kalinisan ng katawan. At pansinin n'yo, hindi lang 'yun, kundi ipinahahayag na natin na tayo'y mga taga-ibang bayan at mga manlalakbay. Hindi tayo taga-sanlibutan. Kung gayon, ayaw na n'yong magkaroon ng anupamang kaugnayan sa sanlibutan. At ang mga bagay ngang iyon ay lumipas na.

¹³⁰ Ngayon, naroon ang Israel sa Egipto. Hindi sila mga taga-Egipto. Para sa mga taga-Egipto, isang kahihyan para sa isang taga-Egipto ang humawak sa tupa. At ang bayang Israel ay mga pastol ng tupa. At nakaramdam marahil ng kahihyan si Moises, pagkatapos na mawalan ng dangal bilang taga-Egipto, at naging tagapag-alaga ng hayop.

Napansin n'yo ba 'yung sinabi ng Faraon kay Joseph, at sa iba pa? "Kasuklam-suklam." Sabi, "Ang iyong bayan ay mga pastol ng tupa." At ni hindi nga maaaring hawakan ng isang taga-Egipto ang isang pastol. Iba siyang lahi.

¹³¹ At ganoon din ito sa isang Cristiano, ngayon, kapag siya'y naipanganak nang muli. Hindi maganda. . . Napakarumi para sa kanya ang mapasama sa lugar kung saan naglalasingan ang mga tao at nagbibiruan ng mahahalay, at hubad pa ang mga kababaihan. At lahat ng ito. . . Ito, ito'y—ito'y karumihan. Oh, purihin ang Panginoon! Tayo ay mga manlalakbay. Tayo ay mga taga-ibang bayan. Ang espiritu ay nabago, at inaasahan natin ang isang Bayan kung saan ang mga kababaihan ay hindi nagsusuot ng shorts. Inaasahan natin ang isang Bayan kung saan wala nang mga bahay-inuman. Inaasahan natin ang isang Bayan kung saan nananahan ang katuwiran. Heto nga, tayo'y mga manlalakbay.

¹³² Kaya heto, nanaog ang Diyos sa isang malaking palumpon ng Apoy, gaya ng isang Halo, na bumulusok pababa sa isang mababang kahoy at nagsimulang ihayag ang Kanyang Sarili kay Moises, muna. Sinabi ni Moises. . .

Naalala n'yo po ba yung tinalakay natin noong isang gabi, kung papaanong noong naparito si Jesus sa lupa, sinabi Niya, "Buweno, bago pa si Moises, ay AKO NGA." Iyon nga si Jesus sa nagliliyab na palumpong, sa Haliging Apoy. Iyon si Jesus, ngayon, siya pa rin.

At ipinahayag Niya ang Kanyang Sarili sa isang Haliging Apoy, at nagkaroon si Moises ng karanasan. Pumaroon siya sa Egipto. Ipinangaral niya ang Ebanghelyo, ang mabuting balita, at sumunod ang mga tanda at kababalaghan. Naunawaan n'yo po ba? Gayundin mapasa-hanggang ngayon.

¹³³ Hindi lang 'yun, kundi nung nagsilabas silang mga Hebreo, nagsilakad sa Liwanag, pinangunahan sila ng siya ring Haliging Apoy. At sinabi ng Biblia, “Huwag mong tutuksuhin ang Diyos.”

¹³⁴ Masdan n'yo ito. Hayaan n'yong basahin ko Ito.

*Samantalang sinasabi, Ngayon kung inyong...
marinig ang kaniyang tinig, huwag ninyong
papagmatigasin ang inyong puso, ang kaniyang tinig
nga'y nangungusap sa inyong puso, na gaya ng sa
pamumungkahi, noong minungkahi nila Siya sa galit.*

Pakinggan n'yo.

*Sapagkat sino-sino, na pagkarinig, ay
namungkahi:...*

¹³⁵ Ilan dito ang nakakaalam na minungkahi ng mga Israelita ang Diyos sa galit dahil sa kanilang hindi pagsampalataya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Panay bulungan, sila-sila, walang ginawa kundi bulungan. Pinuntahan sila roon mismo ng Diyos. At noong magkumpul-kumpol sila roon... Bigla na lang, silang nasuong sa problema.

Naroon nga noon ang Haliging Apoy sa ibabaw nila. Hindi ko alam kung nakita nilang lahat Iyon, o hindi. Pero pihado, nakita Iyon ni Moises. At nasa ibabaw nila Ito, at tinitingnan-tingnan nila Ito. At nung lumakad na sila... Sabihin na nating hindi nila Ito nakikita, hindi ko alam kung nakita nga nila o hindi. Pinangunahan sila Nito. Sinabi nga ng Biblia na naroon Iyon.

¹³⁶ Sabi nga, “Pinangunahan nung Bituwin ang mga lalaking pantas.” Wala ng ibang nakakita Nito maliban sa mga lalaking pantas. Nilampasan Nito ang mga obserbatoryo. Sinusundan nila ang panahon sa pamamagitan ng mga bituwin. Wala ng iba pang nakakita Nito maliban sa mga lalaking pantas. Para sa kanila ang makakita Nito, at sa mga lalaking pantas nga isinugo ang Bituwin.

¹³⁷ At isinugo nga ang Haliging Apoy kay Moises, at isinugo naman si Moises sa mga anak ni Israel. At kinakailangan nga nilang sundin si Moises. Nakikita nila si Moises, at nakikita naman ni Moises ang Liwanag.

Kaya naman hayayo na sila. Hayan nga't lumakad na sila. At sa paglabas nila, nakarating sila sa Dagat na Pula. At, oh, hindi pa sila—hindi pa sila nakakakita ng mga tanda ng himalang iyon at mga bagay na nagaganap habang naroroon pa sila sa—sa matandang lupain ng Egipto, ngunit noong makalabas na sila roon sa kanilang paglalakbay, mga baguhan pa lang at kalalabas lang. Saka, naman, sila nasuong sa problema.

¹³⁸ Gustong-gusto nga ng Diyos na dalhin kayo sa alanganin. Gustong-gusto niyang maglagay ng balakid sa harapan n'yo at tingnan kung ano ang gagawin n'yo tungkol dito. Pagkatapos ay pinahinto Niya ang Dagat na Pula, at pagbaling mo roon,

pinagmartsa sila mismo sa dakong iyon, at saka pinahabol si Faraon sa likuran nila. Nakita n'yo na kung gaano kagusto ng Diyos na gawin iyon? Gustong-gusto nga Niyang ipakita ang Kanyang kapangyarihan at pag-ibig. Siya ay Diyos, at sadyang gustong-gusto Niyang ipakita sa inyo kung sino Siya. Amen.

At ang problema nga lang, sa panahon ngayon, sinasabi ng mga tao, “Oh, lipas na ang ganyang mga panahon.” Hindi po. Papaano tuloy ipamamalas ng Diyos ang Kanyang Sarili, kung tinuturuan kayo ng ganyang mga kaisipan? Subalit heto nga't gustong-gusto ng Diyos na ihayag ang Kanyang Sarili.

¹³⁹ Narito na nga ang mga anak ni Israel, nagsisilakad sa Liwanag. Si Moises, kanyang pinangungunahan sila. Hayan sila. “Halikayo. *Dito* ang daan. Tumatawag ang Diyos. Lalabas na tayo. Patungo na tayo sa lupang pangako.”

“Oh, hallelujah!” Heto nga silang lahat, naghihiyawan, at nagtatalunan, at nagkakatuwaan, alam n'yo. At bigla na lang, pagkalingon nila ay kanilang nasabi, “Oh, ano 'yung alikabok na 'yun?”

¹⁴⁰ Umakyat ang isa sa kanila sa isang burol, at ang sabi, “Oh, oh! Sa aba ko, sa aba ko! Hayan na ang hukbo ng Faraon.”

¹⁴¹ Sinabi ng Diyos, “Ano ang ikinatatakot ninyo? Hindi ba ninyo pinaniwalaan ang mga ginawa Ko roon? Ano ang ipinag-aalala ninyo? Bakit ninyo Ako pinapagalit?”

¹⁴² Noong makarating nga sila roon, nanindigan si Moises at namagitan sa Diyos. Binuksan nga ng Diyos ang Dagat na Pula at nagsitawid sila; sinarhan naman ang kaaway. Ganoon ang pamamaraan ng Diyos. Huwag kayong mangatakot. Huwag kayong manerbiyos. Huwag kayong mataranta. Minumangkahi n'yo lang ang Diyos sa galit.

¹⁴³ Pagkatapos nun ano nang ginawa Niya? Sa isip-isip nila, “Buweno, napakalaking pagsubok nga nun; purihin ang Diyos, nalampasan natin iyon. Wala nang susunod na pagsubok. Tuluy-tuloy na tayo sa daan patungong lupang pangako.” At Kanyang dinala sila dun sa ilang, kung saan walang tubig. Nakikinita n'yo po ba? Ang Diyos, sa Kanyang—sa Kanyang binanal na bayan, mga taong banal, dinala sila sa situwasyong *iyon* na walang kawala; saka sila inilabas mula sa situwasyong iyon, at dinala naman sila rito kung saan walang tubig. Gayong nagawa naman sana Niyang dalhin sila sa ibang daan kung saan may tubig. Oo nga naman, maaari namang gumawa Siya ng ilog, na babagtasin ang kahabaan nun, kung ninais Niya. Nagawa sana Niyang pabukalin ang bawat bundok sa galak, para pabukalin pataas ang tubig nang limampung talampakan sa ere, kung ninais Niya. Siyanga, magagawa nga Niya. Ngunit kung ginawa Niya ang gayon, naging napakadali lang sana. Oh, ang ganda! Purihin ang Pangalan ng Panginoon.

144 “Bakit kaya hinayaan ng Diyos na mangyari ang *ganito*, Kapatid na Branham? Bakit po hinayaan ng Diyos?”

Diyos ang may gawa nun. Hayaan n’yo Siya. Umusad lang kayo. Gawain ’yun ng Diyos. “Ang lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon.” Siyanga, po. May magagawa ba kayo?

145 “Naubos na ang lahat ng pera ko, Kapatid na Branham.” Buweno, purihin ang Diyos, pa rin.

146 “Oh, ginawa ko naman *ito*, tapos *ganito* pa ang nangyari, tinangay ng bagyo ang bahay ko.”

147 Purihin ang Diyos, pa rin. “Ang Panginoon ang nagbigay, ang Panginoon ang nag-alis, purihin ang Pangalan ng Panginoon.” Basta magpatuloy lang sa pag-usad. Ang lahat ng Ito ay sa kaluwalhatian ng Diyos. Alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa.

Minsan ay sa agwa, minsan ay sa baha,
Minsan ay sa pagsubok, ngunit sa tuwina ay sa
Dugo.

148 Sa ganoong paraan Niya tayo pinangungunahan. Tama ’yun. Oh, naku! Pakiramdam ko’y para bang nais kong huminto muna at sumigaw. Sa ganoong paraan Niya pinangungunahan ang Kanyang minamahal na mga anak. Oh, ramdam n’yo ba... Ngayon, hindi ako isang sikologo, pero dama n’yo ba ang Espiritung punung-puno ng pag-ibig na bumubuhos sa loob ng gusali sa mga oras na ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ano kaya kung magbukas ang ating mga mata sa mga sandaling ito, at makita natin ang nangakatayo sa gilid ng mga dingding, at sa buong kahabaan ng pasilyo rito?

149 Oh si Eliseo! Isang umaga, noong ang kasama niyang binatilyo ay sadyang napakabulag, sabi ng binatilyo, “Tingnan mo ang mga taga-Siria sa ibaba roon.”

Sabi, “Subalit mas marami ang kasama natin.”

Sabi, “Wala naman akong nakikita.”

Sabi, “Panginoon, buksan Mo po ang mga mata ng binatilyong ito.”

150 Tumingin siya sa palibot ng matandang propeta, sa buong palibot nga, Umaapoy ang mga bundok, at may mga kabayong Apoy, at mga karong Apoy. Nakumbinsi nga siya noon.

151 Sabi niya, “Lumabas nga tayo roon at bulagin sila.” May mga malilina naman silang paningin, ngunit bulag sila sa kanya. Sabi, “Hinahanap ba ninyong lahat si Elias?”

Sabi, “Opo, ginoo.”

152 “Halikayo, ipakikita ko sa inyo kung saan siya naroon.” At siya naman na ’yun, na nangunguna sa kanila. Hindi nila alam iyon.

153 Ganoon din sa araw na ito. Naririto si Cristo. Naririto ang Banal na Espiritu, ginagawa ang siya ring mga bagay na noon pa man ay ginagawa na Niya, pero bulag ang sanlibutan Dito. Hindi nila Ito nalalaman. “Oh, hindi ko—ko alam ang tungkol Diyan. Sabi kasi ni pastor . . .” Oh, kaawa-awa’t mahihinang tao! Kita n’yo ang ibig kong sabihin? Mga bulag sila Rito. Hindi nila nalalaman Ito. Ang Diyos ang nangunguna.

154 Ngayon, dumating sila, dun sa Ilang ng Kasalanan, walang katubig-tubig doon. Sadyang Diyos lang ang nagkakaloob ng lahat-lahat. Oh, at nakatagpo sila ng isang maliit na tubigan, sabi nila, “Ito na ’yun.” At ni hindi nga nila kayang tikman ’yun. Oh, karima-rimarin nga. Naku, ’yun ay—ay mas matindi pa kaysa sa sandaang porsiyentong asupre. Kita n’yo, parang bugok na itlog, ganoon po. “Oh, naku! Nakarimarin nga.” Lason ’yun. Ngayon, doon sa tinatawag na Ilang ng Kasalanan. Tumutubo roon ang mailan-ilang mga puno ng palma, at doon sa tubigan tumutubo ang mga palma. Pagkatapos ay sinabi ni Moises, “Huwag. . .”

155 Sinabi ng Diyos, “Bakit nila ginagawa ’yan? Bakit ba nila ginagawa ’yan? Para saan at iminumungkahi nila Ako sa galit? Buweno, kung ginawa Ko na nga *iyon* noon doon, hindi ba Ako makagagawa ng anuman sa kalagayan n’yo ngayon?”

156 Kung naihango nga niya kayo mula sa isang sumpa ng karamdaman, hindi ba Niya kayang maihango kayo mula sa isa pa? [Sinabang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nailabas nga Niya kayo mula sa isang suliranin, hindi ba Niya kayang ilabas kayo sa isa pa? [“Amen.”] Purihin ang Diyos! Kung nailabas Niya ako mula sa kasalanan, kaya nga Niya akong ilabas mula sa libingan. Siya ay Diyos. May magiging iba ba? Basta magpatuloy lang kayo, ituon n’yo ang mga mata n’yo sa Kanya.

157 Sabi, “Kung nakaya Ko ngang isara ang Dagat na Pula sa likuran n’yo, at lunurin ang mga taga-Egipto, hindi ba naman Ako makagagawa ng paraan para sa tubig na ’yan? Para saan at pinapagalit n’yo Ako? Oh, kawalan ng pananampalataya! Iminumungkahi n’yo Ako sa galit, dahil sa kawalan n’yo ng pananampalataya.”

158 Ngayon ginamit dito ang salitang, “Nangagkasala,” namungkahi. Nagawa . . . Ang dahilan kung bakit nagawa nila *iyon*, ay dahil sa kawalan nila ng pananampalataya. Hindi nga sila nag-umpukan dun at nagpustahan sa dais, ganoon na nga, at kung anuman. Hindi nila itinakas ang asawa ng iba, at naglipana roon at nagkalat ng mga kasinungalingan. Hindi nga ’yun ang ginagawa nila. At, hindi nga naman kasalanan ang mga *iyon*, kung tutuusin.

159 Ang mamuhay sa pangangalunya ay hindi kasalanan. Ang paninigarilyo, pagnguya, paglalasing, pagsusugal, pagmumura, pagsasalita ng masama, at iba pa, hindi ’yan kasalanan. Iyan

ang mga katangian ng di-pananampalataya. Ginagawa mo ang mga 'yan dahil sa kawalan mo ng pananampalataya. Kung isa kang mananampalataya, hindi mo gagawin ang mga 'yan. Iyan nga ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at *sumasampalataya* sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." Hindi 'yung basta lang *sinasabing* nananampalataya raw siya, kundi totoo ngang nananampalataya! Hayan na nga. Inaalís nun ang lahat ng naunang ebidensya laban sa inyo. Kita n'yo? Ngayon, hayan na nga.

Hindi nga, "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at napapahiyaw." Hindi nga, "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at nagsasalita ng iba't ibang wika." Hindi nga, "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at may dugo sa kanyang kamay o sa kanyang mukha," o anupaman. Hindi nga Iyon.

"Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay."

¹⁶⁰ Ano ang kasalanan? Ang kawalan ng pananampalataya. Maaaring may lumitaw riyán, at sa halip na magtungo mismo roon sa Kasulatan para alamin kung Ito'y totoo o hindi, "Oh," sasabihin n'yo, "Basta ako. . . Ayoko! Kita n'yo, kayo riyán, patuloy lang. Magpapatuloy ako bilang Presbyterian, gaya ng nakagawian ko na, kita n'yo." Sige, magbulag-bulagan ka, at iminumungkahi mo lang ang Diyos sa galit.

¹⁶¹ Kapag gumagawa ang Diyos ng anumang bagay, inaasahan Niyang manghahawakan Dito ang bansa. Ngunit, sa halip na ganoon, "Alam n'yo, kasi, hindi ako sigurado tungkol Dito." Kita n'yo? Inaasahan Niyang tatanggapin ito ng mga tao. Kung tunay nga kayong nababahala, uupuan n'yo at saliksikin ang Kasulatan. Saliksikin n'yo nga Ito at siyasatin ito, pabalik-balik, at tingnan n'yo kung nagkaroon nga Ito ng katuparan, kung inihula na nga Itong maganap, at ang iba pa. Saka n'yo matatanggap Ito. Amen.

¹⁶² Ngayon pansinin n'yo.

Samantalang . . . , Ngayon kung inyong . . . marinig ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, na gaya ng sa pamumungkahi, noong iminungkahi nila ang Diyos na magalit sa kanila, nakita n'yo.

Sapagka't sino-sino, na pagkarinig, pagkarinig sa ebanghelyong ipinangaral ni Moises, ay namungkahi: nguni't hindi baga yaong lahat na nagsialis sa Egipto sa pamamagitan ni Moises.

163 Ilan ang nakaaalam kung ilang katao ang naligtas mula sa orihinal na grupong iyon na lumabas? Ilan? [Mayroong nagsabi, “Dalawa.”—Pat.] Dalawa nga, tama. Ilan dito ang nakaaalam ng kanilang mga pangalan? [“Caleb at Josue.”] Tama ’yun. Sila Caleb at Josue, ang natirang dalawa, mula sa higit dalawang milyon.

164 Pakinggan n’yo ito. “At kanyang . . .” Sa ika-17 talata po.

At sino-sino ang kanyang kinagalitan ng apat na pung taon, dahil sa kawalan ng pananampalataya. Hindi бага yaong nangagkasala, hindi nanampalataya . . .?

165 Kunin n’yo ang diksyunaryo at alamin n’yo kung ano ang kahulugan ng *kasalanan*. Kunin n’yo ang diksyunaryo ng Biblia. Ito’y di-pananampalataya. Ang *di-pananampalataya* ay “kasalanan.” “Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na,” San Juan 4, kita n’yo, “hinatulan na.”

. . . na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang?

At sa kani-kanino isinumpa niyang hindi makapapasok sa kaniyang kapahingahan, . . .

166 Ang hindi n’yo nga pagsampalataya! Oh, parang hindi na yata ako makatutungo pa sa kabanata ko rito. Ngunit, tingnan n’yo, ganyan nga ang nangyayari sa bansang ito, sa panahong ito. Dumaan na ang mga tanda at mga kababalaghan sa buong bansa. Pero ano ang ginagawa nila? Patuloy na tinatalikuran nila Ito. At ang sabi Niya, “Tunay na hindi Ko sila hahayaang makapasok sa Lupaing inumpisahan nilang puntahan.”

167 Ano bang nangyayari sa naglalakihang mga iglesyang ito sa panahon ngayon? Iminumungkahi nila ang Diyos sa galit dahil sa kawalan nila ng pananampalataya. Hallelujah! Kaya Niyang makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. Sinubukan Niyang ibigay sa kanila ang Ebanghelyo, kaso pinagmatigas nila ang kanilang mga puso. Nagkaroon sila ng mga grupo-grupo, at gumawa ng maliliit na denominasyon, “At *ganito* ang pinaniniwalaan namin at wala nang iba,” at hindi roon makapasok ang Diyos para makakilos. Nasaan na sila ngayon? Naroroon lang tuloy sila sa gilid-gilid.

168 Samantalang ang munti, at matapat na grupo ng Diyos ay patuloy sa pagsulong, na may mga tanda at mga kababalaghan. Kanyang sinusubok sila. “Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangan munang masubok at mapatunayang karapat-dapat,” sinanay sa pagkabata.

169 Pero minsan ganito ang nangyayari, “Oh, buweno, marahil wala namang halaga Yun, baka nga.” Isa kang anak sa labas kung ganun, at hindi anak ng Diyos.

170 Sapagkat ang isang anak ng Diyos ay Binhi ni Abraham, na tinatawag ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na,

“Ganoon ang sabi ng Diyos,” at patuloy iyong kikilos. Amen. Kahit ano pang sabihin ng kahit sino, o may masabi man sa kanila na iba, patuloy pa rin sila, kahit ano pang mangyari. “Ganoon ang sabi ng Diyos.”

¹⁷¹ Dalawampu't limang taon niyang hinintay ang anak na iyon, kahit gaano pang kaimposible nun. At ibinukod nga niya ang kanyang sarili mula sa mga hindi nananampalataya, amen, upang makapanampalataya siya. Oh, ang ganda! Ako nga'y lubos na napupuspos.

Isipin n'yo 'yun. Kinakailangan n'yo ngang ihiwalay ang sarili sa dogmang iyan ng sanlibutan, “Ah, ang mga araw ng himala ay lipas na. Walang bagay na Ganyan. Pagkapanatikong lang 'yan.” Ihiwalay n'yo riyang ang inyong sarili.

¹⁷² Sabi ng Biblia, “Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at kayo'y Aking tatanggapin.” Tunay na napakadakila! “Tatanggapin Ko kayo, pagkatapos ninyong ihiwalay ang inyong sarili. Kayo'y magiging mga anak Ko. Ako'y magiging inyong Diyos. Ihiwalay ninyo ang inyong sarili. Huwag kayong makipamatok sa mga di-nagsisisampalataya.” Siyanga.

¹⁷³ May binatang magpapakasal, mag-aasawa siya ng dalagang di-mananampalataya; o may isang dalaga namang mag-aasawa ng binatang di-mananampalataya. Huwag n'yong gawin 'yan. Wala akong pakialam kahit gaano pa 'yang kaguwapo, at—at, o gaano pa 'yang kaganda, at gaano pang kapungay ng kanyang mga mata; lilipas din 'yan balang araw. Subalit, kapatid, ang iyong kaluluwa ay mabubuhay magpakailanman. Mag-ingat nga kayo sa ginagawa n'yo. Kung ang dalagang 'yan ay hindi tunay na mananampalataya, o ang binatang 'yan ay hindi tunay na mananampalataya, huwag kayong makikipamatok na gaya nun. Lumayo kayo sa ganoon. Magsasanhi ito sa inyo ng kaguluhan sa hinaharap.

¹⁷⁴ Ngayon pakinggan n'yo, ika-17 talata.

At... sino-sino ang kanyang... kinagalitan niyang apat na pung taon? hindi бага yaong nangagkasala, na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang?

...sa kani-kanino isinumpa niyang hindi makapapasok sa kaniyang kapahingahan,...

¹⁷⁵ Nakalabas nga sila, hayan nga, nakita nila ang mga himala, ngunit hindi sila nakarating sa lupang pangako. Pili lamang na bilang, dalawa nga lang, ang nakapasok sa lupang pangako.

¹⁷⁶ Ngayon ano ang ginagawa rito ni Pablo? Nangungusap siya ngayon sa mga Cristiano, “Huwag ninyong hahayaan ang siya ring Ebanghelyong ito, na naipangaral na noon, sa mga tanda at mga kababalaghan, hayan nga't pinangunahan pa sila nitong Haliging Apoy; kapag maganap na naman ang mga bagay na ito, huwag nawa kayong mahuhulog sa tabi ng daan, dahil sa

kawalan ng panampalataya, at magtutuloy kayo sa pagdududa, sapagkat nangabuwal ang kanilang mga katawan sa ilang.”

¹⁷⁷ Ngayon malapit na tayo, bibilisan na natin ito. Masdan n’yong mabuti.

. . . *kundi yaong mga nagsisuway?*

At nakikita natin na sila’y hindi talaga nangakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya.

Tinawag niya itong *kasalanan* kanina, tinawag niya naman itong *kawalan ng pananampalataya* nung sumunod. Ang *kawalan ng pananampalataya* ay “kasalanan.” “Sila’y hindi nangakapasok, dahil sa kawalan ng pananampalataya.”

¹⁷⁸ Nasaksihan nga nila ang propetang iyon, si Moises. Nakita nila ang ginawa niya, nakita ang sinabi niya. Totoong lahat ang sinabi, sa tuwina, kumilos ’yun sa Katotohanan. Lumilitaw pa nga ang Haliging Apoy sa harapan nila. Pinagmasdan pa nga nila Ito. Nasaksihan nila Ito.

¹⁷⁹ Si Pablo, sinikap niyang isulat, hindi agad-agad, maisulat dito, ang karanasang iyon na napagdaanan n’ya. Kita n’yo? Sinikap n’yong iugnay ang karanasang iyon, itinipo niya ito sa Lumang Tipan. Sabi niya, “Ngayon pumasok na tayo sa isang bagong bagay, dito sa bagong dispensasyon, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Nang unang panahon, nagpakita ang Panginoon sa kanila sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa panahon ngayon Siya’y sa pamamagitan na ng Kanyang Anak, si Jesus.” Kita n’yo? At itinipo nga niya ang mga karanasan at ipinakita sa kanila kung ano ang nagaganap, hayan nga ang mga tanda at kababalaghan, at ang lahat, at kung ano ang nakasulat.

¹⁸⁰ Ngayon sinabi niya, “Sila’y hindi nakapasok, dahil sa kawalan nila ng pananampalataya.” Hindi sila nanampalataya.

¹⁸¹ “Ngunit ngayon, tayo’y, tayo nga’y pumasok na sa isang dispensasyon, at huwag na huwag n’yo ngang papagmatigasin ang inyong puso. Huwag kayong kikilos na kagaya ng ginawa nila, nung mga araw ng pamumungkahi, noong iminungkahi nila ang Diyos sa galit.” Papaano nila nagawa ’yun? Hindi nga sa imoral na pamumuhay. Hayaan n’yong idiin ko ito sa inyo.

¹⁸² Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, nagsisimba po ako.” Maganda ’yan. “Hindi po ako nagsinungaling kailanman sa buhay ko.” Ayos ’yan. “Hindi ako nagnakaw kailanman. Hindi ko ginawa ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*.” Napakainam nun. Mabuting lahat ’yan. Ngunit, hindi pa rin ’yan ang kasalanan.

¹⁸³ Ang kasalanan ay kapag nagpakita na ang Diyos Mismo at hindi n’yo Ito sinampalatayanan, kapag ayaw n’yong makinig Dito.

¹⁸⁴ “Oh,” sasabihin n’yo, “hindi naman Yan itinuturo ng aking simbahan.” Hangga’t itinuturo Ito ng Biblia, at pinatutunayan Ito ng Diyos, wala nang mas mahalaga pa rito.

Ngayon masdan n'yo itong maigi pansumandali. Ngayon magsisimula na tayo ngayon sa isang bagay na totoong, totoong malalim. Ngayon, isantabi n'yo muna ang inyong sariling diwa sa bulsa ng inyong tsaleko hanggang sa makalabas kayo.

185 Ngayon pagmasdan n'yong mabuti.

Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako na makapasok sa kaniyang . . .

Sa kaniya na lalaki, sa kaniya na babae, huwag malito sa mga panghalip na panao. At ano nga?

. . . baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.

186 Ngayon, sinisikap nga ni Pablo na sabihin sa kanila, sa naunang kabanata, ang tungkol sa lahat ng mga bagay na ito. Ngunit ngayon sinasabi na niya sa kanila kung ano nga Ito.

Oh, may oras pa ba tayo? Aking . . . Marahil mas mainam na maghintay na lang tayo hanggang mamayang gabi. Tanghali na kasi, at magdadaos pa tayo ng gawaing pananalangin. Marahil mas mabuting talakayin natin ito mamayang gabi, 'pagkat ito nga'y talagang siksik sa bitamina, espirituwal na bitamina. Marami pa ngang dapat gawin, kaya magiging abala ako n'yan mamayang hapon. "Tayo nga'y . . ."

Mangatakot nga tayo, yamang, may pangako . . .

187 Ngayon, may ipinangako ba sa kanilang lupang pangako, nung nasa Egipto sila? At, noong, nanaog ang Diyos, upang gawing realidad ang pangakong ito. Aba, sinabi na ng Diyos kay Abraham, daan-daang taon bago pa, na gagawin nga Niya iyon. Nakabatay iyon sa Kasulatan.

188 Sinabi ni Joseph, "Huwag ninyong gagalawin ang aking mga buto mula rito hangga't makaparoon na kayo sa lupang pangakong iyon at ilibing ninyo ako roon kasama ng aking mga ninuno." Dahil, alam niyang darating ang pagkabuhay na mag-uli, kapag bumangon si Jesus mula sa mga patay, 'pagkat alam niya kung ano ang sinabi ni Job. Kita n'yo?

189 Ang bawat isa sa kanila ay mga propeta at nalalaman nila kung ano ang sabi ng iba pang propeta, at alam nga nila na iisa ang kanilang Espiritu. At binabantayan nila iyon. Oh, kapatid! Oh, tiyak na yayanigin kayo nito palabas diyan sa makasanlibutan ninyong kalagayan. Nakatuon ang kanilang mga mata, hindi sa kung ano ang sinasabi ng mga tao, bagkus sa kung ano ang sinabi nila na mga propeta. Ang bawat isa sa kanila ay maingat na nagmamatyag.

190 Sinabi ni Abraham, "Ilibing ninyo ako rito sa mismong lugar kung saan inilibing si Job." Sabi, "Sarah, bibili ako ng kapiirasong lupa. Ililibing tayo rito sa mismong lugar na ito."

¹⁹¹ Si Isaac ay isa ring propeta, gaya ng kanyang ama. Sabi, “Makinig kayo. Huwag ninyo akong ililibing sa anumang ibang dako, huwag dito sa Egipto, bagkus dalhin ninyo ako pabalik sa lupang pangako. Ilibing ninyo ako roon mismo.”

¹⁹² Namatay si Jacob doon sa lupang pangako, ngunit sinabi pa rin niya sa kanyang anak, na isa ring propeta, sabi, “Alam mo, isang gabi hinipo ako ng Anghel sa tagiliran. Mula noon lumakad na akong papilay-pilay. Halika, ilagay mo ang iyong kamay. . .” Oh, habag! “Aking anak na propeta, ako’y matanda na at ako’y bulag. Subalit ilagay mo nga ang iyong banal na kamay, yamang isa ka ring propeta, ipatong mo sa lugar kung saan inilagay ng Anghel ang Kanyang kamay, at sumumpa ka sa Diyos ng Langit na hindi mo ako ililibing sa dakong ito.”

¹⁹³ Purihin. . . Nakikita n’yo ba ang espirituwal na kapahayagan ng Salita? Aba, kalahati sa kanila, halos siyamnapung porsiyento, ang walang kaalam-alam sa sinasabi niya. Ngunit alam niya kung ano ang sinasabi niya. “Ilagay mo ang iyong mga kamay mong kamay ng propeta sa bahagi na ito kung saan ipinatong ng Anghel ang Kanyang kamay. Dati akong malaking, matipunong lalaki, isang malaking duwag. Subalit, hinipo Niya ako, at magmula noon ako’y papilay-pilay na. Subalit ako’y naging isang prinsiphe mula noong napilay ako. Mula noong nabago ang paraan ng paglakad ko, naging prinsiphe na ako.” Sige. “Ipatong mo ang iyong kamay rito. Sumumpa ka sa Diyos ng Langit, hindi mo ako ililibing dito.” Bakit? Walang nakakaalam kung ano ang sinasabi niya. Pero alam ’yun ni Joseph. Sabi niya, “Dalhin mo ako roon at ilibing ako sa lupang pangakong iyon.” Doon nga sa dakong iyon. Siyanga.

¹⁹⁴ Noong namatay si Joseph, pagkaraan ng ilang taon, sinabi niya, “Huwag ninyo akong ililibing sa dakong ito. Bagkus tumingin kayo sa aking mga buto sa paglakad-lakad ninyo sa dakong ito, ’pagkat balang araw ay lalabas kayo rito. At pag-alis ninyo, dalhin ninyo ang aking mga buto kasama ninyo.”

¹⁹⁵ Hayan nga. Hayaan lang nating sabihin ng sanlibutan ang nais nilang sabihin, at gawin ang nais nilang gawin. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Mananatili ako kay Cristo, kahit tawagin nila ako ng kung anu-ano, panatiko, o holly-roller man. Balang araw ay darating Siya, at yaong mga na kay Cristo ay dadalhin ng Diyos kasama Niya, sa pagparito Niya. Ang lahat ngang ito’y espirituwal, at hinayag na Katotohanang nakalatag na riyan mismo, at kinakailangan ng espirituwal na kaisipan para maunawaan Ito. Magtiwala kayo roon, sa buong maghapon. Isipin n’yo iyon. Gawin n’yo nga kahit na wala kayong mapananghalian, isipin n’yo iyon.

¹⁹⁶ At ngayong gabi, paroroon tayo sa Kanyang Kapahingahan, na iniwan sa inyo, at tingnan kung ano ang pangakong ito para sa araw na ito. Ano ang bagay na ito sa panahong ito? At

kung hindi Ito inilagay ng Diyos dito sa Biblia, at pinatunayan Ito, tingnan n'yo nga kung nariyan Ito, kung wala isa akong huwad na propeta. Ganoon na nga. Subalit naririto Ito. Ano ang Kapahingahang ito?

¹⁹⁷ Sabi niya:

Ngayon, *mangatakot . . . tayo, yamang, may iniwang pangako* na makapasok na gaya nga nila, . . .

¹⁹⁸ At kinakailangan ngang Ito ang siya ring pangako. Kinakailangan ngang Ito ang siya ring kapahingahan. Kinakailangan ngang Ito ang siya ring Diyos. Kinakailangan ngang Ito ang siya ring mga tanda. Kinakailangan ngang Ito ang siya ring bagay na iyon. Kaya naman tayo ay magpahinga. Ngayon ano Ito? Ipagkaloob nawa ito ng Panginoon sa atin, ngayong gabi.

Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

¹⁹⁹ Panginoong Banal, tanging ang Walang Hanggan lamang ang maghahayag ng mga dakilang bagay na amin po ngayong pinagsalu-saluhan sa oras na ito. Kakaunti . . .

Ngunit maraming nakatalaga sa kahatulan. Gaya ng sinabi Mo sa Aklat ni Judas, na, “Mga tao nung una, itinalaga sa kahatulan, pinalitan nila ng kahalayan ang biyaya ng ating Diyos.” At marami nga po sa panahon ngayon na nangangaral ng Ebanghelyo, ng biyaya ng Diyos, na ginagawa Itong isang paraan upang kumita ng salapi, at naglalakihan ang kanilang simbahan at pagdating sa Sunday school, pinapalitan nila ng kahalayan ang biyaya ng ating Diyos. At bulag ang sanlibutan, at lumalakad sila kagaya ng mga bulag na baboy. Hindi sila makaunawa.

²⁰⁰ Oh Diyos, ibukas Mo po sa amin ang makaunawa. Ang aming pagkaunawa ay huwag nawang matulad sa mga anak ng sanlibutang ito. Sapagkat sinabi Mo sa Iyong Salita, na, “Ang mga anak ng sanlibutang ito ay matatalino kaysa mga anak ng Liwanag.” Ganoon na nga nung pasimula, “ang mga anak ni Cain” ay naging mga dakilang dalubhasang siyentipiko. Sila ay naging mga mahuhusay na tagapaglinang ng edukasyon. Sila ay naging mga taga-panday ng materyales. Nagpatuloy sila sa pag-unlad, napakarelihiyoso pa nga, pero hinatulan at nilunod sa kahatulan. At lumutang ang mga bangkay nila sa tubig, at napunta ang mga kaluluwa nila sa impiyerno.

²⁰¹ At nagtungo si Jesus at nangusap sa kanila, noong Siya ay namatay. “At yumaon sa impiyerno at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilanguan, na sa pagpapahinuhod ay hindi nagsisi, sa mga araw ni Noe,” sabi ng Kasulatan. At ang Diyos, habang nakatayo Siya sa lupa, ay sinabi Niya, “Kung papaano sa mga araw ni Noe, gayundin sa pagparito ng Anak ng tao.”

202 Ngunit mapapansin natin, “ang lahi noon ni Seth,” mga taong mapagpakumbaba, mga tunay na tao ng Diyos, walang masyadong maraming alam sa mga bagay ng sanlibutan, hindi pansin ang mga bagay ng sanlibutan, kundi isinantabi namang walang liwag ang bawat pasan at nanampalataya sa Diyos at naging mga propeta at dakilang mga tao sa Kaharian. Habang ang iba, ang kabilang relihiyosong sanlibutan, ay tinatawanan sila, pinagkakuwaan sila. Subalit dumating ang oras kung kailan ang mga baha at paghatol ay dumating.

203 Ganoon din sa pagparito ni Jesus Cristo. Kung papaanong tinawanan at pinagkakuwaan Siya, habang may kanya-kanya silang mga relihiyon at naglalakihang mga simbahan. Kanila ngang pinagkakuwaan ang Tala sa Umaga, at tinawanan nila Siya. Kaya naman pumasok sila sa kahatulan. At noon ngang tumakas sila at nagtungo sa Jerusalem, doon nga’y kinain nila ang kanilang sariling mga anak, dahil sa tindi ng gutom, at umagos ang kanilang mga dugo palabas sa mga pintuan ng lansangan noong sinunog ng mga kalaban ang siyudad at ang templo, at ang mga kaluluwa nila ay napunta sa impiyerno.

204 Panginoon, narito po kaming muli, sa ikatlo. Ito nga ang panahon ng buhay. Ang bilang na tatlo ay bilang ng buhay. At narito kami, nakahanda na para sa Pag-agaw.

Ang iglesya ay patuloy lang, itong dakilang siyentipikong sanlibutan. Nangakaupong punung-puno ang mga iglesya ng mapagdudang mananampalataya. Laksa-laksa ang nagsulat ng kanilang mga pangalan sa aklat ng mga dumadalo, oo, milyun-milyon pa nga, at tinatawanan ang Ebanghelyo, at sinasabi, na, “Wala silang pinag-aralan. Wala silang alam.”

Marahil ganoon nga, Panginoon, ngunit ang kakulangan namin ng pinag-aralan, ay pinupunan mo ng biyaya; sa pamamagitan ng pagsugo sa Iyong Anghel ng Liwanag, sa pamamagitan ng pagpapamalas ng Kanyang kapangyarihan, pinatototohanan ang Mga Salita sa mga aba at mangmang na gaya namin. Ngunit mahal Ka namin dahil dito, sapagkat ang biyaya ng Diyos ang may gawa nito, at alam namin na kami ay isinilang. At hindi kami kaibig-ibig, kung tutuusin. Lubos kaming hindi kaibig-ibig. Ngunit Ikaw, sa pamamagitan ng biyaya, ay iniabot ang Iyong mahabaging kamay at binuksan ang aming mga mata, sa pananalangin ni Jesus para sa amin; gaya ng ginawa ni Elias para kay Gehazi, na tumingin sa kanyang paligid na nakakakita. At ngayon nakabukas na ang aming mga mata, at nakikita namin ang mga bagay ng Diyos, at nalalamang patungo na kami sa wakas ng panahon; kung kailan ang mga araw ng bayang Gentil ay patapos na, at dadalhin Niya ang isang bayan para sa Kanyang Pangalan. Itulot nawang mapabilang kami roon, Panginoon, kami ay nagsusumamo nang may pagpapakumbaba. Idinadalangin po naming ipagkakaloob Mo ito.

205 Pagpalain Mo po kami. Pagpalain Mo po ang munting mga tagapakinig na dumalo ngayong umaga. Mula pa silang lahat sa iba't ibang uri ng mga relihiyon at mga paniniwala, subalit isinantabi nila ang mga iyon ngayon, Diyos. At tumingin sila nawa nang direktso sa Kalbaryo, sabihing, "Diyos, hubugin Mo ako at gawin Mo ako. Ako'y tulad ng. . ." Sinabi ng propeta na nagtungo siya roon sa bahay ng magpapalayok, upang siya ay basagin at hulmahang muli. Hubugin Mo kami at gawin kami ayon sa anyo na nais ng Diyos para sa amin. Kahit pa kung maaari nga'y mga pamispisan lang kami ng paa sa Bahay ng Panginoon. Mas nanaisin ko pang maging pamispisan ng paa sa may pinto kaysa tumahan sa mga tolda kasama ng masasama. At ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo nga kami ngayon, at panatilihin kaming mapagpakumbaba. Ang mga puso namin ay itulot na maging bukas, ang aming mga isipan maliwanag, sa mga bagay ng Diyos, sapagkat amin nga po itong hininiling sa Pangalan ni Jesus.

206 Habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon po kayang isang nagnanais na maalala sa isang salita ng panalangin, para sa iyong kaligtasan ng iyong kaluluwa? Maaari mo bang itaas ang iyong kamay, at ikaw nga'y makasalanan? Pagpalain ka ng Diyos, batang lalaki. Mayroon pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mayroon pa bang nais na maalala sa panalangin sa mga oras na ito, para sa iyong kaluluwa? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo, na nakataas ang kamay. At pagpalain ka ng Diyos, at ikaw rito. Napakainam talaga. Mayroon pa bang isa pa, bago po tayo magtapos? Nararamdaman kong mayroon pa. Pagpalain ka ng Diyos, diyan, ginoo, sa likod.

207 Ngayon, tingnan n'yo, may gusto akong ipakiusap sa inyo. Ayaw kong isipin n'yo na sinasabi ko ito dahil narito tayo sa munting tabernakulo rito. Ayaw kong isipin n'yo na ito'y dahil sa mga taong narito. At mahabaging Diyos, huwag n'yong isiping ito'y dahil sa ang Anghel ng Panginoon ay nagpakuha ng litrato na naroon ako, at aking. . . at—at dahil nga sa mga bagay na 'yan, kaya nasasabi ko ito. Oh Diyos! Kung ganoon ang naging pakiramdam ko, kung gayon, kapatid, kailangan kong dumulog sa may altar sa halip na makapangusap sa inyo. Akin lamang sinasabi ito, akin lamang sinasabi ito sa pamamagitan ng Kasulatan, upang inyong makita na ito ang Katotohanan. Kung sinabi ko Ito, at 'yun lang ang mga dahilan at nasabi ko ito, mangyaring gaya lang ng sinumang iba pang mangangaral o kung sino pa riyan, o kahit sino, buweno, kung gayon, ito nga'y magiging iba. Ngunit nakikita n'yo ba, ang Diyos ay nasa likuran nito at pinatutunayang ito ang Katotohanan. Kita n'yo? Iyon ang dahilan kung bakit totoo Ito, pinatutunayan Ito ng Diyos. At saka, hindi lang 'yun, kundi sinasabi rin ng Kanyang Salita na gagawin Niya ito. Heto na nga Siya na ginagawa ito.

208 Ngayon kung hindi matuwid, hindi matuwid ang puso n'yo sa Diyos, maaari po ba ninyong itaas lang ang inyong kamay? Sabihin, “Ipanalangin mo po ako.” Sige, diyan po mismo sa kinaroroonan ninyo. Mga walo o sampung mga kamay ang tumaas, nagnanais ng habag para sa kanilang kaluluwa. Habang nakayuko ang inyong mga ulo, manalangin kayo sa mga oras na ito. Alalahanin n'yo, kayo ang siyang magsisisi. Humihiling lang ako para sa inyo, na mahabag ang Diyos. Ngunit nariyan nga ang altar, dinala kayo ng Diyos sa isang dako sa inyong isipan; iyan ang altar. Naniniwala tayo sa pagdulog sa altar, tunay nga, ngunit hindi—hindi iyon. . . Ayos lang naman 'yun. Subalit ang tunay ninyong altar ay kung saan kayo kinatagpo ng Diyos. At kinatagpo Niya kayo mismo sa kinaroroonan ninyo. Iyan ang inyong altar.

209 Ngayon sabihin n'yo, “Diyos, mahabag Ka po sa akin, na isang makasalanan. At mula sa araw na ito, sa Iyo pong tulong, mabubuhay ako para sa Iyo. Aking—Aking paglilingkuran Ka. Hindi ko iisipin kung anuman ang sabihin ng sinu-sino, narito akong dumudulog, sa umagang ito. Nananalangin ako rito mismo, na alisin Mo po itong walang pagpipitangang espiritu sa akin. Alisin Mo po ang pagkamainitin ko ng ulo. Alam ko pong hindi ako maaaring kumilos nang ganoon at sabay na matuwid sa Diyos. At mayroon nga po akong pagkamuhi sa aking puso. Ako'y naninibugho. Mayroon akong masamang hangad. Mayroon akong *ganito*, *ganoon*. Alisin Mo po ito, Diyos. Ayaw ko pong maging ganoon. Gawin Mo po akong kalugod-lugod, at mapagpakumbaba, at maamo. Gawin Mo po akong magiliw. Gawin Mo pong makaakay ako ng iba para sa Iyo. Itulot Mong makagawa ako ng isang bagay para sa Iyo upang ipakita ang mga pagpapahalaga sa aking buhay.” Iyan ang panalangin na idalangin n'yo, habang sama-sama tayong nananalangin.

210 Makalangit na Ama, sila'y Iyo. Sila po ang mga bunga ng Mensahe ngayong umaga. Itinaas nila ang kanilang kamay. May nagbunsod sa kanilang gawin iyon. Kanila pong, kanilang sinalungat ang batas ng hatak ng mundo nung itinaas nila ang kanilang mga kamay. May espiritu sa kanila na nakapagpasya. Itinaas nila ang kanilang mga kamay, upang ipakita na kanila nang tinanggap ang Manlilikha na lumikha sa kanila.

211 Ngayon, Makalangit na Ama, idinadalangin ko pong pagpapalain Mo sila, at pagkalooban sila ng Buhay na Walang Hanggan, sa oras na ito. Wala akong magagawa; tawagin sila marahil sa may altar, ilagay sila sa isang karagdagang silid, gawin ang mga bagay na ito. Ito, ito nga'y kung ipahintulot mo lamang, Panginoon. Wala na kaming magagawa maliban sa ipangaral ang Salita. Sinabi Mo, “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig ng Salita, ng Salita ng Diyos.” Ngayon naipangaral na namin ang Salita, at itinaas na nila ang kanilang mga kamay, sinampalatayanan na nila Ito.

Ngayon pagkalooban Mo po sila ng walang hanggang Buhay, 'pagkat ipinangako Mong gagawin Mo ito. Kung sila'y matapat sa pagtaas ng kanilang mga kamay, lalabas sila sa gusaling ito ngayong umaga, na isa nang kalugod-lugod, maamo, at mapagpakumbabang Cristiano, sapagkat ipinangako Mo ito. At hindi maaaring mabigo ang Iyong mga Salita. Hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Now I am watching, waiting and longing,
For that bright City, John saw coming down.

In that bright City, (sumamba tayo ngayon),
pearly City,
I have a mansion, a harp and a crown;
Now I am watching, waiting and longing,
For that bright City, John saw coming down.


212 Hindi ba't talagang iniibig n'yo Siya? Tapos na tayo rito sa mensahe, sa oras na ito. Narito na tayo sa pagsamba. Hindi tayo nagsisimba para lang makinig sa isang mensahe. Pumupunta tayo para sumamba. Kalimutan n'yo nga ang katabi n'yo. Basta't sambahin n'yo Siya. Oh, napakaganda! Napakainam! Sabihin lamang sa Kanya sa inyong...Hindi n'yo kailangang sabihin sa Kanya nang malakas. Sabihin lang sa Kanya sa inyong puso, "Mahal Kita, Panginoon. Patawarin Mo po ako sa aking kasalanan." Oh, kayganda!

...pearly white City,
I have a mansion, a harp and a crown;
Now I am watching, waiting and longing,
For that white City, John saw coming down,

213 Aming Amang, Diyos, tanggapin Mo po kami. Kami po ay naghihintay, habang nakikinig kami sa Salita, nananabik. "Kinauhuhawan Ka ng aming mga puso, kung papaanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis. Kinauhuhawan Ka ng aming kaluluwa, Oh Diyos." Nananabik at naghihintay, naghihintay sa oras na iyon sa pagparito ni Jesus, naghihintay sa panahong tatawagin na kami sa alapaap. Hindi upang tumayo sa harap ng Hukom sa paghatol; tapos na iyon. Patay na kami sa mga bagay ng sanlibutan. Pumasok na kay Cristo, at kinuha na Niya ang aming kahatulan. Siya na ang aming Manananggol ngayon, sa luklukan ng katuwiran. Ang aming banal na Manananggol, na, sa aming pagpapahayag ng nagawa naming kamalian, ay ipinagtatanggol niya ang aming kaso hanggang sa malaman naming kami'y di karapat-dapat. Gaya ng sinabi ng isang mahal na matandang kapatid na babae ngayong umaga, sa kanyang patotoo, habang inihuhulog ang kanyang kaloob, "Mula nung napunta ako rito napagtanto ko na Ito'y hindi ko sariling kabanalan, ito'y ang kabanalan ng Diyos."

²¹⁴ Tunay nga, Panginoon, tinuturo namin sa mga tao, walang mabuti sa tao, ni isa mang bagay. “Ano ang tao upang Iyong alalahanin siya?” Ngunit ito nga’y ang biyaya ng Diyos na nagpakita sa amin. At ang kabutihan lamang Niya ang aming pinagtitiwalaan, hindi ang aming sarili. At sinasamba Ka po namin, Kabanal-banalang Diyos, dahil sa Iyong kabutihan, na ibinilang Mo kami sa Iyong dakilang Kaharian, sa Iyong mga dakilang plano. Tinatanggap Ka po namin sa aming mga puso, sa pamamagitan ng pananampalataya. At sa pamamagitan ng biyaya, nananampalataya kaming Iyong ipinagkaloob na ito sa amin para sa ikaluluwalhati ng Diyos, para sa gawain ng Diyos.

²¹⁵ Ngayon, Panginoon, pagalingin Mo po ang mga maysakit habang dumudulog sila na maipanalangin, ngayong umaga. Ipagkaloob Mo po sa kanila ang kagalakan, na hinahangad nilang gumaling. Itulot mong malaman nila na itong maliit, at magaanang karamdaman na inilagay sa kanila, ay isa lamang kaunting panahon ng pagsubok. Alam ng Diyos ang lahat ng tungkol dito. Ginawa Niya ito upang makita kung ano ang gagawin namin dito. Itinutulot nga ’yan ng Diyos. . .Nawa’y humakbang na sila mula roon at angkinin ang mga gawang iyan na natapos na! Nawa’y Iyong. . .Nawa’y huwag Ka nilang imungkahi sa galit, sa pagtakbo-takbo nila *paroon* at *parito*, at *masok* at *labas*, “Buweno, hindi ko kasi alam *ito, iyon*.”

²¹⁶ Panginoon, manindigan nawa sila nang may katatagan, sabihin, “Panginoon, Ikaw ang Siyang nagligtas sa akin. Ikaw po ang Siyang gumawa ng mga bagay na ito para sa akin. Sinasampalatayanan Kita, at nagtitiwala ako sa Iyo, ngayon.” At idinadalangin ko na ipagkaloob Mo po ito sa mga narito, sa Pangalan ni Cristo. Amen. 

ANG AKLAT NG MGA HEBREO

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org